

**ANG KAHUSAYAN SA PAGTUTURO SA BINAGONG ORTOGRAPIYANG
FILIPINO NG MGA GURO SA SEKUNDARYA, LUNGSOD NG
CATBALOGAN**

Isang Tesis
Iniharap sa
Kaguruan ng Gradwadong Pag-aaral
SAMAR STATE UNIVERSITY
Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga
Gawaing Itinakda para sa Kursong
MASTER OF ARTS IN EDUCATION
(FILIPINO)

DANETTE MAY C. ABALOS


Marso 2018


DAHONG PAGPAPATIBAY

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang "ANG KAHUSAYAN SA PAGTUTURO SA BINAGONG ORTOGRAPIYANG FILIPINO NG MGA GURO SA SEKUNDARYA, LUNGSOD NG CATBALOGAN", na ginawa at isinumite ni DANETTE MAY C. ABALOS ay inirekomenda sa isang pasalitang pagsusulit.



FELICITAS R. LABENDIA
Tagapayo


Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong Marso 05, 2018 na may gradong PASADO.



FELISA E. GOMBA, Ph.D.
Pangalawang Pangulo, Academic Affairs
Tumatayong Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo


SIMON O. BABALCON, JR., Ph. D.
Propesor, SSU
Miyembro


ART T. RONCESVALLES
Propesor, SSU
Miyembro


DARWIN M. MACALALAD
Propesor, SSU
Miyembro


ALEJANDRO S. CABAGO
Propesor, SSU
Miyembro


RONALD L. ORALE, Ph.D.
Pangalawang Pangulo, Research & Extension Services
Miyembro

Tinanggap, bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degrading Master of Arts in Education (Filipino).


FELISA E. GOMBA, Ph.D.
Pangalawang Pangulo, Academic Affairs
Tumatayong Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

MARSO 05, 2018

PAGKILALA

Ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay hindi naging madali para sa mananaliksik. Subalit ang lahat ng mga suliraning kinaharap ay lubhang naging magaan dahil sa tulong na naiambag ng mga taong pinagkakautangan ng loob ng mananaliksik.

Sa Dekana ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar State University, Dr. Felisa E. Gomba, sa kanyang paggabay sa mananaliksik na maisagawa ng matiwasay ang kasalukuyang pag-aaral.

Sa mga Miyembro ng Lupon ng Pasalitang Pagsusuri, Dr. Simon P. Babalcon, Jr., Dr. Jose S. Labro, Dr. Ronald L. Orale, at Prof. Art T. Roncesvalles, Prof. Darwin M. Macalalad, Prof. Alejandro S. Cabago para sa kanilang konstruktibong mga suhestiyon at payo para sa mga importanteng rebisyon ng kasalukuyang pananaliksik.

Sa Tagapamahala ng Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Catbalogan, G. Cristito A. Eco, para sa kanyang malawak na pang-unawa sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral sa mga paaralang pansekundarya, pampubliko at pribado, na sakop ng kanyang hurisdiksyon bilang tagapamahala.

Sa mga Punungguro ng mga paaralang pansekundarya para sa kanilang taos pusong suporta sa pagbibigay ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Sa Tagapayo ng Pananaliksik, Gng. Felicitas R. Labendia, para sa kanyang hindi matatawarang tulong lalo na sa pagpapabuti ng kasalukuyang pananaliksik simula umpisa hanggang sa natapos ang paglikom ng mga datos.

Sa mga Gurong nagtuturo ng Filipino para sa kanilang pagtitiwala at kooperasyon lalo na sa pagtulong na sagutan ang talatanungan at pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino na nagsilbing mga datos ng pag-aaral.

Sa Tagapaglapat Estadistika ng pag-aaral, Prof. Emma Tenedero, sa kanyang malawak na kaalaman sa paglalapat ng estadistika at pagbibigay ng kaukulang interpretasyon sa nalikom na mga datos.

Sa kalihim ng Lupon ng Pasalitang Pagsusuri, Gng. Marietta B. Albina, Bb. Frankies Aika Aga, para sa kanilang metikulusong pagsusulat ng mga suhestiyon at rekomendasyon upang mas lalong pagandahin ang kasalukuyang pananaliksik.

Sa aking pamilya sa kanilang suporta, pagmamahal, pag-unawa, at pagtitiwala na siyang naging gabay para sa pagtatapos ng pananaliksik na ito.

Sa aking asawa si Engr. Oliver G. Abalos at aking anak na si Achilles Olivier na naging inspirasyon ko sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

At higit sa lahat sa Poong Maykapal sa magandang biyaya ng buhay, karunungan, at pagmamahal na siyang naging gabay sa pag-aaral na ito hanggang sa matapos at matamo ang layunin.

DANETTE MAY C. ABALOS

PAGHAHANDOG

Para sa mga mag-aaral na layong matuto upang maisakatuparan ang kanilang mga hangarin sa buhay at bigyang kaganapan ang mithiin ng kanilang mga magulang . . .

Para sa mga mag-aaral na patuloy na naniniwalang ang panitikan ay mahalagang aspeto ng kultura ng isang sambayanan . . .

Para sa mga gurong bukas ang isipan upang tanggapin ang iba't ibang uri ng mga pagbabago sa Wikang Filipino upang mas lalong paunlarin at paigtingin ang pagkatuto ng mga mag-aaral . . .

Para sa mga mananaliksik na balak magsagawa ng mga kahalintulad na pag-aaral . . .

Taos puso kong iniaalay ang pag-aaral na ito sa inyong lahat at
Maraming Maraming Salamat!

Danette

TESIS ABSTRAK

Gamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik, ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa sekondarya, Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2016-2017. Ang mga naging tagasagot ay 40 na mga gurong nagtuturo sa Filipino sa mga paaralang sekondarya, pampubliko at pribado, sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2017-2018. Ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino. Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medyor sa Filipino at hindi Filipino medyor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets. Batay sa mga natuklasan, ang mga kongklusyon ay, ang antas ng kahusayan ng mga guro sa ortograpiya ay katamtaman lamang base sa kanilang naitalang iskor sa pagsusulit. Walang kaugnayan ang kasarian, pinakamataas na pinag- aralan, medyor, bilang ng seminar o pagsasanay na dinaluhan sa antas ng kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino. May mga suliraning kinakaharap ang mga guro sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino. Ang panukalang solusyon batay sa resulta ng pag-aaral ay pwedeng ipatupad at gamitin. Ang rekomendasyon ay, hikayatin ang mga na nagtuturo ng Filipino na bigyang pagpapahalaga ang ganap na pagkatuto tungkol sa ortograpiyang Filipino upang lalong maging kongkreto, tunay daynamik at ganap na modelo sa kanilang mag- aaral.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

DAHONG PAMAGAT	i
DAHONG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	v
TESIS ABSTRAK	vi
TALAAN NG NILALAMAN	vii

<u>Kabanata</u>		<u>Pahina</u>
1	ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	8
	Mga Ipotesis	9
	Batayang Teyoritikal	10
	Batayng Konseptuwal	19
	Kahalagahan ng Pag-aaral	21
	Saklaw at Delimitasyon	24
	Katuturan ng mga Talakay	27
2	REVVU NG MGA KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	
	Kaugnay na mga Literatura	29
	Kaugnay na mga Pag-aaral	39
3	METODOLOHIYA	
	Disenyo ng Pananaliksik	50
	Instrumentasyon	51
	Validasyon ng Instrumento	52

	Paraang Sampling	54
	Paglikom ng mga Datos	55
	Paglalatap Estadistika ng mga Datos	56
4	PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	
	Profyl ng mga Gurong Kalahok	58
	Antas ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino	67
	Kaugnayan ng Kahusayan sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino at ang Kanilang Profayl Varyets	69
	Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan ng mga Gurong Medyor sa Filipino at Hindi Filipino Medyor sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Kanilang Profayl Varyets	70
	Implikasyon ng Pag-aaral	76
5	LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	
	Lagom ng Kinalabasan	78
	Mga Konklusyon	81
	Mga Rekomendasyon	81
	TALASANGGUNIAN	84
	MGA APENDIKS	89
	KURIKULUM VITA	101
	TALAAAN NG MGA TALAHAANAYAN	104
	TALAAAN NG MGA FIGURA	106

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

Panimula

Ang mga mag-aaral sa bawat antas ng edukasyon ay may sariling kakayahan at talino na kadalasang nahahasa sa pamamagitan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa puntong ito, ang bawat guro ay kailangang mahusay kumilala at mag-oberba ng mga taglay na katangian ng isang mag-aaral (Dela Rosa, 2015). Kaugnay nito, ang mga guro ay dapat na walang tigil sa paghahanap ng mga estratehiya upang lalong sumigla ang talakayan sa loob ng silid-aralan at upang madaling matutunan at maunawaan ang aralin ng mga mag-aaral.

Ayon sa mga pag-aaral, kung ang isang guro ay malilinang pa ang istilo niya sa pagtuturo nang naaayon sa istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral ay magkakaroon ng pag-unlad sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang mga asignatura (Tenedero, 1998, sinipi ni Dela Rosa, 2015).

Sa kasalukuyang Kurikulum ng K to 12 na ipinapatupad sa mga paaralan sa bansang Pilipinas, ang pangkalahatang layunin ay ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaya naman, ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa sekondarya, inaasahan na naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip at may pagpapahalagang pampanitikang pambansa at paggamit ng teknolohiya upang maipagmalaki niya ang Kulturang Pilipino (Gabay Pang-Kurikulum sa Filipino, 2011).

Sang-ayon dito, nasabi ni Gonzalvo (2012) na ang isang wika, lalo na at ito ay buhay, ay dapat patuloy na nakararanas ng mga pagbabago, ng mga pagdaragdag, lalo na ng mga bagong tunog at mga bagong paraan ng pagpapantig mula sa mga wikang nakaiimpluwensya rito. Ang mga pagbabagong nabanggit ni Gonzalvo ay dapat magkaroon ng kaakibat na pagbabago sa ortograpiyang Filipino. Kinakailangang makasunod sa mga kinakaharap na pagbabago ang wikang Filipino dahil kung ito ay maiiwan sa kinagisnan nitong sistema, lalabas na ang ortograpiya pa ang siyang magsisilbing hadlang sa pagsibol nito bilang wikang pambansa.

Dantaon labing-anim, mayroon nang ginagamit na alpabeto ang ating mga ninuno. Binubuo ito ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga letra: 14 na katinig at 3 patinig. Tinatawag itong alibata o baybayin. Sa pagdating ng mga Kastila, pinalitan nila ang alibata ng Alpabetong Romano na siya naging pinagbatayan ng ABAKADANG Tagalog. Ang Abakadang Tagalog ay binubuo ni Lope K. Santos nang kanyang sulatin ang Balarila ng Wikang Pambansa noong 1940. Ang Abakadang Tagalog ay binubuo ng dalawampung letra: Lima ang patinig (a, e, i, o, u) at Labinlima ang katinig (b, k, d, g, h, l, m, n, ng, p, r, s, t, w, y).

Masusing pinag-ukulan ng pansin ng noo'y Surian ng Wikang Pambansa (SWP) na ngayon ay Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang problema tungkol sa ortograpiya ng wikang Pilipino (Filipino) noong 1971. Makalipas ang humigit-kumulang na limang taong pag-aaral at pagsangguni sa iba't ibang sector sa larangan ng wika, nirebisa ng Surian ang "Abakadang Tagalog" ni Lope K. Santos.

Sa bisa ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 194, s. 1976 ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura, pinayaman ang dating Abakada upang makaagapay sa mabilis na pag-unlad at pagbabago ng wikang Pilipino. Tinawag itong ang *bagong alpabetong Pilipino*. Ang dalawampung letra ay dinagdagan ng labing-isang letra kaya't naging tatlumpu't isa. Kabilang sa idinagdag ang mga letra at digrapo. C, F, J, Ñ, Q, V, Y, Z, CH,, LL. RR. Subalit hindi ito nagtagumpay dahil sa ilang kahinaan at kalituhan sa paggamit. Hindi binanggit sa tuntunin ang pagtawag sa mga letra at ayos ng pagkakasunod-sunod ng mga letra. Hindi rin malinaw ang paraan ng pagbigkas at pagbaybay (papantig o patitik) sa mga letra.

Bilang pagtugon sa tadhana ng Konstitusyon ng 1986 hinggil sa mabilis na pagbabago, pag-unlad at paglaganap ng Filipino bilang wikang pambansa at pampamahalaang wika at pagsang-ayon pa rin sa Patakaran ng Edukasyong Bilingguwal ng 1987, muling nireporma ang alpabetong Pilipino gayundin ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Filipino. Ang pagreporma ay isinagawa ng noo'y Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP) (dating SWP na naging KWF) sa tulong ng mga lingguwista, dalubwika, manunulat, propesor, guro at mga samahang pangwika. Nagsagawa ng mga simposyum ang Linangan. Ang una ay idinaos sa Asian Institute of Tourism. Ang pangalawa ay sa National Teachers College. Bumuo rin ng mga Lupon ang Linangin upang magsagawa ng mga pag-aaral tungkol sa balak na rebisyon sa iba't ibang aspekto o lawak ng bubuuing bagong ortograpiya.

Napagkaisahan na sa nabanggit na simposyum ang Alpabetong Filipino ay bubuuin na lamang na dalawampu't walong letra, ito ay ang mga sumusunod: A, B, C,

D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, NG, Ñ, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z. Maaari itong tawagin sa dalawang paraan : pa-Abakada o pa-Ingles. Ang walong dagdag na letra ay : C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z.

Tatlong taon ang lumipas bago nailabas ang unang burador noong Agosto 15, 1986. Napagkasunduan na ang mga letra ay bibigkasin na lamang nang gaya sa Ingles. Upang matiyak ang kawastuan, iniharap sa iba't ibang kapulungan at kongresong pangwika gaya ng : Taunang Kumbensiyon ng LEDCO na binubuo ng pambansang samahang pangwika, Pebrero 26, 1987; Taunang Kumperensiya ng PASATAF, Abril 6, 1987, Taunang Kumbensiyon ng PSLF, Mayo 18, 1987.

Sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987 ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, ang “1987 Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino” ay pormal na inilunsad ng LWP noong Agosto 19, 1987. Ang paglulunsad ay isinabay sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa na idinaos sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Nakapaloob sa binalangkas na alituntunin sa ispelang ang gamit ng walong (8) dagdag na letra ng alpabeto. Gagamitin lamang ang mga ito sa mga hiram na salita at ekspresyon na nabibilang sa mga sumusunod: pangangalang pantangi, terminolohiya na sadyang teknikal at sa mga salitang nagtataglay ng etniko at kultural na kulay mula sa mga minoryang wika sa Pilipinas.

Sa ikaapat na pagkakataon muling nirebisa ng KWF ang Alpabetong Filipino pati na ang mga tuntunin sa pagbaybay nito. Tinawag itong “*2001 Revisyon ng Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino*”. Ang muling pagrebisa ay ibinunsod ng di ganap na pagtupad sa Kautusang Pangkagawaran ng 1987. Marami

ring pumuna sa umano'y napakahigpit at di makatotohanang mga tuntunin sa ispelang na pinalabas ng LWP sa pamamagitan ng (8) dagdag na letra. Nalimitahan din umano ang gamit sa mga hiram na salitang nabibilang sa kategoryang sumusunod: pangngalang pantangi, teknikal na terminolohiya at sa mga salitang may natatanging pangkulturang kahulugan.

Lumitaw rin ang iba-ibang disenyo sa sistema ng ispelang mula sa mga institusyong pang-edukasyon at grupong propesyonal dahil sa kakulangan ng mga tuntunin sa paggamit ng mga karaniwang salita. Nabuo ang maraming variant o pagkakaiba-iba ng ispelang na nagpawalang bisa sa pambansang pagsisikap para sa kodipikasyon, estandardisasyon at intelektuwalisasyon ng pambansang wika. Pinaluwag sa 2001 Alpabeto ang gamit ng walong dagdag na letra. Nangangahulugan na maaari ring gamitin sa lahat ng mga hiram na salita, pormal o di teknikal na barayti, o sa mga karaniwang salita. Hinati rin sa dalawang grupo ang walong letra. Ang F, J, V, at Z ay gagamitin sa pagbaybay ng mga karaniwang salitang hiram na binago ang ispelang sa Filipino. Samantalang ang C, Ñ, Q, X na itinuturing na redundant ay hind ipinagagamit sa pagbaybay ng mga hiram na salitang karaniwan. Ito ay sa dahilang ang bawat isa ay may kinakatawan o katunog na letra sa Filipino gaya ng letrang C, maaaring S o ang ponemang /s/ at letrang k o ponemang /k/.

Halos dalawang taon din ang ginugol sa pagbuo, mula kalahatian ng taong 1999 hanggang Agosto 2001. At sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 45, s. 2001, inilunsad ang 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispelang ng Wikang Filipino noong Agosto 17, 2001 na may lagda ng Pangalawang Kalihim Isagani R. Cruz ng

Departamento ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang Alfabeto ay binubuo pa rin ng 28 letra at bibigkasin gaya ng Alfabetong Ingles maliban sa /ñ/ na bigkas -Espanyol. (Gabay sa Ortograpiyang Filipino, Komisyon sa Wikang Filipino, 2009).

Sa kabila ng kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtatamo ng kapakinabang na literasi ng mga mag-aaral, naging kapuna-puna ang patuloy na paghadlang sa paggamit ng Filipino sa lipunan, kahit na sa mga paaralan na umiral ang bilingwalismo sa mahabang panahon. Ayon sa obserbasyon ni Alcantara (2006), Ingles ang malaking bahagi ng babasahin sa mga paaralan. Ang kawalan ng malasakit ang pangunahing sanhi ng mababang antas ng literasi sa Filipino, kabilang na dito ang mga gurong nagtuturo sa Filipino. Kabilang sa mga salik na nakapagpapahirap sa pagkatuto sa Filipino ay ang mga gurong nagtuturo sa Filipino na apektado rin ng pabago-bagong sistema ng pagbaybay sa mga salitang Filipino, kawalan ng sapat at malalim na kaalaman sa huni, tuldik at diin ng mga salitang Filipino. Sa kabuuan, walang sapat na kabatiran ang mga guro sa ortograpiyang Filipino.

Samakatwid, kailangang revisahin ang ortograpiya ng buhay na buhay na wikang Filipino upang ito ay mabisang magamit na behikulo sa pakikipagkomunikasyon sa paraang pasulat ng mga mag-aaral na Filipino. Dapat pakatandaan na ang ortograpiya ang paraan ng pagbibigay-simbolo sa wikang pasalita sa pamamagitan ng paraang pasulat (Fortunato, 2001).

Sa puntong ito, kailangang linawin na walang ganap na bagong kalakaran at kumbensiyon sa patnubay ng ortograpiyang Filipino. Sa katunayan, ang marami rito ay dati nang mga kaalaman at tuntunin na naipahayag, naimungkahi o naiharap na sa

nakaraan, subalit sa di malamang dahilan ay naiwaksi at nakalimutan. Nakabatay ang kasalukuyang gabay ng ortograpiyang Filipino sa mga resulta ng pag-uusap sa 2013 forum ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at sa iba pang umiiral nang kalakaran.

Sa paglaganap ng binagong ortograpiyang Filipino, mahihinuha sa unang malas na mahirap ang pagtuturo nito sa mga mag-aaral dahil may mga suliraning kinakaharap ang mga guro. Kabilang sa mga ito ang kawalan ng mga materyal na makapagbibigay-diin sa pagtuturo ng mga binagong ortograpiya. Sa karagdagan, ang mga guro ay kinakaharap ang hamon sa pagpili ng mga halimbawang dapat gamitin sa klase at lalim ng dapat gawing pagtalakay. Dagdag pa nito, ang mga guro ay kinakaharap din ang paraan ng pagtuturo na gagamitin upang madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang binagong ortograpiyang Filipino. Lubhang nahihirapan pa rin ang mga guro na matutunan ang wikang Filipino lalung-lalo na sa palabaybayan. Batay sa sariling obserbasyon ng mananaliksik bilang isang guro sa Filipino sa antas tersyarya ng Samar State University (SSU)-Main Campus, ang mga guro ay nahihirapang magbaybay ng mga salitang Filipino alinsunod sa binagong ortograpiyang Filipino. Nais ng mananaliksik na mapag-alaman at mapag-aralan ang posibleng kasalukuyang antas ng kahusayan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa mga paaralang sekondarya ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang katotohanang ito ang nagsilbing gabay ng kasalukuyang pag-aaral na naglayong alamin ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa sekundarya sa Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2016-2017.

Sa katiyakan, sinubok din ng pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa mga sumusunod na varyets:

1.1 gulang at kasarian;

1.2 kursong natapos/medyor;

1.3 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;

1.4 bilang ng seminar na dinaluhan; at

1.5 saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino?

2. Ano ang antas ng kahusayan ng mga gurong kalahok ayon sa pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino?

3. Ano ang mahalagang kaugnayan at pagkakaiba ng kahusayan ng mga gurong kalahok sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa:

3.1 gulang at kasarian;

3.2 kursong natapos/medyor;

3.3 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;

3.4 bilang ng seminar na dinaluhan; at

3.5 saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino?

4. Anong mahalagang implikasyon ukol sa pagpapaunlad ng binagong ortograpiyang Filipino sa palabaybayan ang maaaring makuha sa kalalabasan ng pag-aaral na ito?

Mga Ipoteses

Batay sa mga tiyak na katanungan sa paglalahad ng mga suliranin, ang mga sumusunod na ipoteses ay sinubok sa pag-aaral na ito:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets:

1.1 gulang at kasarian;

1.2 kursong natapos/medjor;

1.3 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;

1.4 bilang ng seminar na dinaluhan; at

1.5 saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl varyets:

2.1 gulang at kasarian;

2.2 kursong natapos/medyor;

2.3 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;

2.4 bilang ng seminar na dinaluhan; at

2.5 saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Batayang Teyoritikal

Ang kasalukuyang pag-aaral ay ibinatay sa sumusunod na mga teyorya: Constructivist Learning Theory ni Vygotsky, Psycholinguistic Grain Size Theory na binanggit ng OECD-CERI, at Teorya ng Integratibong Pagkatuto na binanggit nina De Mesa at De Guzman.

Ang Constructivist Learning Theory ni Vygotsy ay isa sa mga batayang teorya ng kasalukuyang pag-aaral. Ayon kay Vygotsy (1978), ang mga batang mag-aaral ay mayroon nang pagkatuto bago pa man sila magsimulang pumasok sa pormal na edukasyon. Ang pinakatuon ng nasabing teorya ay ang paggiya sa mga mag-aaral tungo sa pinakamataas na antas ng pag-unawa at lohikal na mga kakayanan. Kaugnay dito, ang mga guro ay dapat na aktibong nakikilahok sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sila ang gumagawa ng konteksto ng pagkatuto na siyang humihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing nagbibigay inspirasyon upang sila ay mas lalong matuto sa klase (Vygotsy, 1978).

Sa karagdagan, ang isang social constructivist na guro ay humihimok sa mga mag-aaral na makilahok sa mga kapwa mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain sa loob ng klase. Sa kabilang banda, ang mga guro ay nakasuporta at nagbibigay ng mga payo habang ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng mga gawaing hango sa mga hamon ng tunay na buhay. Sa ganitong paraan, ang mga guro ay tumutulong sa kognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral (Chen, 1998).

Kaugnay ng nasabing teorya, si Wiggins (2001) ay nanindigang ang Constructivist Theory of Learning ni Vygotsky ay sumisimbolo na ang kaalaman sa

mga karanasan sa buhay ay binabalangkas sa pamamagitan ng pakikipag-interaksyon sa ibang tao. Samakatwid, ang sosyal na interaksyon ay isang mahalagang bahagi ng kahit na anong pagkatuto. Iminumungkahi ng konstruktibong pananaw na ang bawat mag-aaral ay nagsasagawa ng kanilang sariling pag-unawa sa mga aralin o mga bagay batay sa kung ano ang kanilang naunang kaalaman at paniniwala at saka ito ginagamit sa mga bagong ideya o kaalaman na kanilang natutunan habang nag-aaral (Richardson, 1997).

Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nangangahulugang ang tuon ng mga guro ay hindi lamang sa mga katunayan at teorya ng mga asignatura kung hindi ang pag-uugnay ng mga katunayan sa isa't isa at sa ibang asignatura o disiplina para sa isang integratibong pagtuturo. Kabilang din ang paggamit ng mga kasanayan at konsepto sa mga tunay na karanasan sa buhay, at paghaharap ng mga magkasalungat na pananaw, pagpapaliwanag at pagmomodelo ng mga konsepto at teorya sa konteksto. Ang pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ay nangangailangang buuin ang mga pirasong karanasan ng pag-aaral ng mga naging pagbabago mula sa simula at sa isang magkakaugnay na kabuuan na maghahanda sa kanila sa mga mag-aaral tungo sa kapaki-pakinabang na literasi sa Filipino.

Batay sa Constructivist Theory of Learning ni Vygotsky, ang isang klasrum na gumagamit ng iba't ibang estratehiya ng pagtuturo ay yaong pinag-uugnay ang mga kaalaman at kasanayan mula sa iba't ibang disiplina, isinaaalang-alang ang iba't ibang pananaw, at iniaaangkop ang mga kasanayang natamo sa pag-aaral sa mga tunay na karanasan sa buhay. Ito ay lubhang nakapagpapagaan sa kakayahan ng mga mag-aaral

na matamo ang tamang mataas na antas ng pagkatuto. Sa kasalukuyang ipinapatupad na K to 12 Kurikulum sa bansa, ang pangkalahatang layunin sa Filipino ay ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo/mapanuring pag-iisip at, pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig (K to 12 Gabay Pangkurikulum – Filipino, Disyembre 2013). Ang mithiing ito ay matatamo kung ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay yaong may mataas na antas ng kahusayan sa wikang Filipino lalo na binagong ortograpiya nito.

Sa karagdagan, ang pag-aaral na ito ay nakaagapay sa Psycholinguistic Grain Size Theory na nagmumungkahi na dahil ang wika ay nagkakaiba-iba ang konsistense ng ponolohiya na narerepresenta sa ortograpiya ito ay laging may pagkakaiba sa anyong teknikal at leksikal na representasyon (A Report of the OECD-CERI, 2005). Ito ay maitatala na may kaakibat na pagkakaiba-iba sa pagdebelop sa estratehiya ng pagbasa na bumabagtas sa ortograpiya, sa pamamaraang eksplisit na pagbasa at maaaring makaimpluwensiya sa kawalan ng anyong ginamit.

Sa teoryang ito ipinagpapalagay na sa mga panahong nililinan ang kakayahan sa pagbasa, ang proseso sa pagbasa ng mga salita ay ibinabatay sa ortograpiya. Sa ibang ortograpiya ang kalakhang sub-leksikal yunit sa pagbasa ay nabubuo upang maresolba ang mga inkonsistenses ng grapema patungo sa ponema mapping. Sa iba, ang

ortograpiya ay mas konsistent kaya hindi kailangan ang karanasan ng kabataan sa pasalitang pakikipagtalastasan at pagkatapos sa malawak na kaalaman sa pasulat na kakayahan. Ito ang magiging susi sa matatag na pundasyon ng pagkatuto. Ang pundasyong ito ang maaaring magkaiba-iba batay sa katangiang taglay ng isang wika at kung anong wika ang higit na nakasanayan ng isang mag-aaral, dito kakikitaan ng kakintalan sa pagbasa ng naturang wika.

Ang nabanggit na teorya ay nagsasaad na ang kakayahang magbaybay ay hindi lamang tulad ng gawaing pagsasaulo kung hindi isang komplikado at aktibong intelektuwal na sanhi ng nakuhang tagumpay na naging bunga ng komprehensibong pag-aaral na kung paano ang wika irerepresenta sa pagsulat. Samakatuwid, ang pagbaybay ay hindi limitado sa pag-aaral ng pagkakaugnay ng mga titik sa mga tunog, ngunit kinakailangan mangibabaw ang konteksto ng pangkalahatang pag-aaral. Ang pagkatuto ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga guro na mapalawak ang kaalaman sa anumang paraan kung saan ang sinasalitang wika ay may kaugnayan sa paraang pasulat at tuloy matuklasan kung paano magagamit ang kaalaman sa pagbaybay. Bagaman, ang kagalingan sa pagbaybay sa mga salitang Filipino gamit ang binagong ortograpiya ay dapat matutunan ng mga guro batay sa kontekstong isinasaad sa makabagong rebisyon ng ortograpiya ng Wikang Filipino.

Ang Teorya ng Integratibong Pagkatuto ay nagsasaad na upang matuto, ang edukasyon ay kailangang nakasentro sa mag-aaral at pagsubaybay sa mag-aaral, at ang nakapaligid sa kanya. Pinagtutuunan din ang paggalugad, karanasan sa totoong buhay, at paglilipat ng mga proyekto. Ang nasabing teorya ay nagsasabing ang mga mag-aaral

ay lubusang natututo sa pamamagitan ng aktibong karanasan kaysa pagsasaulo at pagtatama ng mali. Malilinig sa mga mag-aaral ang wika at ang kasanayang pagbasa sa pamamagitan ng pag-aalis ng sagabal sa pagitan ng mga asignatura at pagkakabit sa mga ito. Ang mga mag-aaral ay lalong magiging masipag at abala sa mga proyekto na mapakikinabangan sa totoong buhay na sitwasyon kaysa sa tradisyunal na kaasalan (De Mesa at De Guzman, 2006).

Ang pinagsanib na kurikulum ay makatutulong sa mga mag-aaral upang ang mga kagamitang panturo na kakailanganin sa pagdulog sa anumang suliranin na may pananalig samantala ang pagsasaulo sa mga pinagbabatayan ay lubhang limitado ang aplikasyon (Beane, 1977). Bukod dito, ang iminungkahing teorya na mas maunlad, lalong magkakaugnay-ugnay, at may kinalaman ang karanasan, mas lalong nagpapatatag sa kaayusan ng utak at pag-unlad (Caine, 1992).

Ang integratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatuon sa kognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral dahil ang magandang kalalabasan ay natatamo kung ang lahat ng aspeto ng kanilang pag-unlad ay nasisigla na saklaw ang sosyal, pisikal, pangkaisipan, pandamdamin at malikhaing kakayahan (Dahlberg, Moss at Pence, 1999, sinipi nina Marbena at Tayler, 2011). Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay kailangang may kasanayan sa ganap na paglahok sa iba't ibang uri ng lipunan at matutuhan ang partikular na kasanayan at pagpapahalaga na kinakailangan ng mamamayan.

Sa integratibong pagkatuto, mahalaga ang interaksyon sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Hindi lamang pagpapahayag ng sariling ideyal ang mahalaga kundi ang pag-

unawa sa mensaheng ipinahahayag ng iba pang kasangkot sa interaksyon. Ang interaksyon sa klase ay kinapapalooban ng tatsulok na ugnayan ng tagahatid ng mensahe, ng tagatanggap at ng konteksto ng sitwasyon, maging pasalita o pasulat na komunikasyon (Rivers, 1987). Sa loob ng klasrum, may tatlong uri ng interaksyon na maaaring lahukan ng mag-aaral, kabilang ang interaksyon sa guro, sa kapwa mag-aaral at sa teksto o kagamitang pampag-aaral.

Ang guro sa integratibong pagkatuto ay tagapagdaloy lamang ng pagkatuto, ang mga mag-aaral ang nagsasagawa ng mga gawain. Sa karagdagan, ang guro ay tagagawa lamang ng iskrip ng pagkatuto, isang konsultant, tagagabay, o tagakumpas. Sa kabuuan ng pag-aaral ng isang aralin, ang mag-aaral ang sentro o ang bida dahil siya ay aktibong nagsasalita, nakikinig, bumabasa at sumusulat kung kinakailangan. Nagiging makabuluhan at kawili-wili ang pag-aaral at pagkatuto sapagkat aktibong gumagana ang kanilang pandama at pag-iisip (Pagkalinawan, 2010). Kung kaya't ang mga guro ay dapat na may mataas na antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino upang magampanan nila ng maayos ang kanilang obligasyon sa loob ng klasrum bilang tagagawa ng iskrip ng pagkatuto.

Dantaon labing-anim, mayroon nang ginagamit na alpabeto ang ating mga ninuno. Binubuo ito ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga letra: 14 na katinig at 3 patinig. Tinatawag itong alibata o baybayin. Sa pagdating ng mga Kastila, pinalitan nila ang alibata ng Alpabetong Romano na siya naging pinagbatayan ng ABAKADANG Tagalog. Ang Abakadang Tagalog ay binubuo ni Lope K. Santos nang kanyang sulatin ang Balarila ng Wikang Pambansa noong 1940. Ang Abakadang

Tagalog ay binubuo ng dalawampung letra: Lima ang patinig (a, e, i, o, u) at Labinlima ang katinig (b, k, d, g, h, l,m, n, ng, p, r, s, t,w,y)

Masusing pinag-ukulan ng pansin ng noo'y Surian ng Wikang Pambansa (SWP) na ngayon ay Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang problema tungkol sa ortograpiya ng wikang Pilipino (Filipino) noong 1971. Makalipas ang humigit-kumulang na limang taong pag-aaral at pagsangguni sa iba't ibang sector sa larangan ng wika, nirebisa ng Surian ang "Abakadang Tagalog" ni Lope K. Santos.

Sa bisa ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 194, s. 1976 ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura, pinayaman ang dating Abakada upang makaagapay sa mabilis na pag-unlad at pagbabago ng wikang Pilipino. Tinawag itong ang *bagong alpabetong Pilipino*. Ang dalawampung letra ay dinagdagan ng labing-isang letra kaya't naging tatlumpu't isa. Kabilang sa idinagdag ang mga letra at digrapo. C, F, J, Ñ, Q, V, Y, Z, CH,, LL. RR. Subalit hindi ito nagtagumpay dahil sa ilang kahinaan at kalituhan sa paggamit. Hindi binanggit sa tuntunin ang pagtawag sa mga letra at ayos ng pagkakasunod-sunod ng mga letra. Hindi rin malinaw ang paraan ng pagbigkas at pagbaybay (papantig o patitik) sa mga letra.

Bilang pagtugon sa tadhana ng Konstitusyon ng 1986 hinggil sa mabilis na pagbabago, pag-unlad at paglaganap ng Filipino bilang wikang pambansa at pampamahalaang wika at pagsang-ayon pa rin sa Patakaran ng Edukasyong Bilingguwal ng 1987, muling nireporma ang alpabetong Pilipino gayundin ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Filipino. Ang pagreporma ay isinagawa ng noo'y Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP) (dating SWP na naging KWF) sa tulong ng mga

lingguwista, dalubwika, manunulat, propesor, guro at mga samahang pangwika. Nagsagawa ng mga simposyum ang Linangan. Ang una ay idinaos sa Asian Institute of Tourism. Ang pangalawa ay sa National Teachers College. Bumuo rin ng mga Lupon ang Linangin upang magsagawa ng mga pag-aaral tungkol sa balak na rebisyon sa iba't ibang aspekto o lawak ng bubuuang bagong ortograpiya.

Napagkaisahan na sa nabanggit na simposyum ang Alpabetong Filipino ay bubuun na lamang na dalawampu't walong letra, ito ay ang mga sumusunod: A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, NG, Ñ, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z. Maaari itong tawagin sa dalawang paraan : pa-Abakada o pa-Ingles. Ang walong dagdag na letra ay : C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z.

Tatlong taon ang lumipas bago nailabas ang unang burador noong Agosto 15, 1986. Napagkasunduan na ang mga letra ay bibigkasin na lamang nang gaya sa Ingles. Upang matiyak ang kawastuan, iniharap sa iba't ibang kapulungan at kongresong pangwika gaya ng : Taunang Kumbensiyon ng LEDCO na binubuo ng pambansang samahang pangwika, Pebrero 26, 1987; Taunang Kumperensiya ng PASATAF, Abril 6, 1987, Taunang Kumbensiyon ng PSLF, Mayo 18, 1987.

Sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987 ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, ang "1987 Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino" ay pormal na inilunsad ng LWP noong Agosto 19, 1987. Ang paglulunsad ay isinabay sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa na idinaos sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Nakapaloob sa binalangkas na alituntunin sa ispeling ang gamit ng walong (8) dagdag na letra ng alpabeto. Gagamitin lamang ang mga ito sa mga

hiram na salita at ekspresyon ns nabibilang sa mga sumusunod: pangangalang pantangi, terminolohiya na sadyang teknikal at sa mga salitang nagtataglay ng etniko at kultural na kulay mula sa mga minoryang wika sa Pilipinas.

Sa ikaapat na pagkakataon muling nirebisa ng KWF ang Alpabetong Filipino pati na ang mga tuntunin sa pagbaybay nito. Tinawag itong *“2001 Revisyon ng Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino”*. Ang muling pagrebisa ay ibinunsod ng di ganap na pagtupad sa Kautusang Pangkagawaran ng 1987. Marami ring pumuna sa umano’y napakahigpit at di makatotohanang mga tuntunin sa ispelang na pinalabas ng LWP sa pamamagitan ng (8) dagdag na letra. Nalimitahan din umano ang gamit sa mga hiram na salitang nabibilang sa kategoryang sumusunod: pangngalang pantangi, teknikal na terminolohiya at sa mga salitang may natatanging pangkulturang kahulugan.

Lumitaw rin ang iba-ibang disenyo sa sistema ng ispelang mula sa mga institusyong pang-edukasyon at grupong propesyonal dahil sa kakulangan ng mga tuntunin sa paggamit ng mga karaniwang salita. Nabuo ang maraming variant o pagkakaiba-iba ng ispelang na nagpawalang bisa sa pambansang pagsisikap para sa kodipikasyon, estandardisasyon at intelektuwalisasyon ng pambansang wika. Pinaluwag sa 2001 Alpabeto ang gamit ng walong dagdag na letra. Nangangahulugan na maaari ring gamitin sa lahat ng mga hiram na salita, pormal o di teknikal na barayti, o sa mga karaniwang salita. Hinati rin sa dalawang grupo ang walong letra. Ang F, J, V, at Z ay gagamitin sa pagbaybay ng mga karaniwang salitang hiram na binago ang ispelang sa Filipino. Samantalang ang C, Ñ, Q, X na itinuturing na redundant ay hind

ipinagagamit sa pagbaybay ng mga hiram na salitang karaniwan. Ito ay sa dahilang ang bawat isa ay may kinakatawan o katunog na letra sa Filipino gaya ng letrang C, maaaring S o ang ponemang /s/ at letrang k o ponemang /k/.

Halos dalawang taon din ang ginugol sa pagbuo, mula kalahatian ng taong 1999 hanggang Agosto 2001. At sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 45, s. 2001, inilunsad ang 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino noong Agosto 17, 2001 na may lagda ng Pangalawang Kalihim Isagani R. Cruz ng Departamento ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang Alfabeto ay binubuo pa rin ng 28 letra at bibigkasin gaya ng Alfabetong Ingles maliban sa /ñ/ na bigkas -Espanyol. (Gabay sa Ortograpiyang Filipino, Komisyon sa Wikang Filipino, 2009)

Batayang Konseptuwal

Ang batayang konseptwal ng pag-aaral ay inilalarawan sa Figura 1. Sa dulong bahagi ng Figura 1 ay makikita ang mga naging kalahok na mga gurong nagtuturo sa Filipino sa mga paaralang sekondarya ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2017-2018.




Figura 1. Ang Batayang Konseptuwal ng Pag-aaral

Mula sa mga gurong kalahok, inalam ang kanilang mga profayl kagaya ng kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medyor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seminar na dinaluhan at saloobin hinggil sa binagong ortograpiyang Filipino, na makikita sa solong kahon sa kaliwa ng malaking kahon. Tinaya din sa pag-aaral na ito ang antas ng kahusayan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa binagong ortograpiyang Filipino sa pamamagitan ng isang pagsusulit sa palabaybayan, na makikita sa kahon sa kanang bahagi ng malaking kahon.

Ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik, na may komparatibo at korelesyunal na pag-aanalisa ng mga varyets, sa pagtataya kung may mahalagang kaugnayan at pagkakaiba ng kahusayan ng mga gurong kalahok sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medjor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay layong magsilbing rekomendasyon upang paunlarin ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino na makikita sa huling dalawang kahon ng Figura 1.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Sa mga Namumuno sa DepEd. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makapagbibigay ng batayang kaalaman sa mga namumuno sa Kagawaran ng Edukasyon upang makapagpanukala ng pagpapalakas ng pagtuturo ng Filipino sa kabila ng multilingguwal na pagdulog ng edukasyon. Dahil din nito mapagtutuunan

ng pansin ang kasalukuyang antas ng kahusayan sa pagtuturo ng mga guro ng nagtuturo sa Filipino. Sa pamamagitan nito, sila ay makapagpapalano ng mga salingkurang pagsasanay na mas lalong magpapaunlad sa antas ng kahusayan ng mga guro ng nagtuturo sa Filipino lalo na binagong ortograpiya ng wikang Filipino. Upang ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay maging epektibo sa kanilang pagtuturo medyor man sa Filipino o Hindi.

Superbisor ng Filipino. Upang magsagawa ng mga Seminar at pagsasanay sa mga guro lalong-lalo na sa mga hindi medyor sa pagtuturo ng asignaturang Filipino upang higit na maging mabisa ang kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral.

Sa mga Kinatawan ng Komisyon ng Wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay-daan upang malaman ng mga kinatawan ng Komisyon ng Wikang Filipino ang estado ng wikang Filipino, lalo na ang binagong ortograpiya nito, sa mga paaralan, lalong-lalo na sa mga guro siyang nagtuturo sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan din ng pag-aaral na ito, malalaman ng mga kinatawan ng Komisyon ng Wikang Filipino na pag-ibayuhin ang kanilang kampanya hinggil sa pagpapaunlad ng wikang Filipino, lalo na ang ortograpiya nito.

Sa mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay lubhang napakahalaga lalo na sa mga guro ng nagtuturo sa Filipino dahil ito ay makapagbibigay sa kanila ng mas malalim na pang-unawa ukol sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Sa pamamagitan ng pang-unawang ito, magkakaroon sila ng pagkakataon na paunlarin ang kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino sa pamamagitan ng sariling pagsasanay ukol dito o ang pagpunta sa mga salingkurang pagsasanay sa

wikang Filipino. Ang pag-aaral din na ito ang siyang magbibigay sa kanila ng pagkakataong paunlarin ang kanilang mga pamamaraan ng pagtuturo na akma sa kakayanan at kabatiran ng kanilang mga mag-aaral.

Sa mga Mag-aaral. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makapagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral hinggil sa binagong ortograpiyang Filipino. Sa pamamagitan ng kaalamang ito, mabibigyan ng mga mag-aaral ng karampatang atensyon ang pagpapaunlad ng kanilang kabatiran sa binagong ortograpiyang Filipino sa pamamagitan ng pagsasaayos ng kanilang mga estratehiya sa pag-aaral ng wikang Filipino. Sa kalaunan, ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay sa mga mag-aaral ng mas malago at malawak na kabatiran sa binagong ortograpiyang Filipino.

Sa mga Mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay sa kanila ng malawak na kamalayan ukol sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, sila ay makapagsasagawa ng isang pag-aaral na tataya sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa ibang dibisyon o kaya sa buong rehiyon.

Sa mga Matataas Unibersidad at Pamantasan. Ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga kinauukulan ng mga unibersidad at mga pamantasan ng estado na tumulong sa pagpapaigting ng wikang Filipino – lalo na ang binagong ortograpiya nito. Ang kanilang pinakamabisang hakbangin ay ang magbalangkas ng isang action plan batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito. Ang kabilang sa action plan na ito ang mga tuntuning dapat bigyang pansin sa binagong ortograpiyang Filipino, mga estratehiya upang matupad ang mga tuntunin, ang mga

taong magsasakatuparan, ang takdang panahon sa pagsasakatuparan ng mga programang pang-wika at ang mga tiyak na paraan ng beripikasyon (MOVs). Sa pamamagitan nito, mas kalkulado at tiyak ang kurikulum sa Filipino ng mga unibersidad at pamantasan na maghahandog ng kurso sa Filipino.

Sa mga Kinatawan ng Commission on Higher Education. Kadalasang ang mga repormang pang-edukasyon sa anumang lebel ng edukasyon ay hindi karaniwang madaliang natatanggap ng mga pangunahing sangkot sa pagtuturo at pagkatuto kabilang ang mga guro at ang mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay sa kanila ng pagkakataong mas lalong maintindihan ang kahalagahan ng binagong ortograpiyang Filipino sa kaakibat na pagrerebisa sa kurikulum ng Filipino na maaaring mapag-aralan ng mga mag-aaral na magiging mga guro sa hinaharap. Sa kalaunan, mas maipapatupad nila ng maayos ang anumang gagawing pagbabago sa wikang Filipino.

Saklaw at Delimitasyon

Gamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik, ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa sekundarya sa Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2016-2017.

Sasagutin sa pag-aaral na ito kung ano ang profile ng mga guro sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, na nagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa: kasarian, gulang, kursong natapos/medyor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seminar na dinaluhan at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Nilayon din ng pag-aaral na ito na malaman kung may mahalagang kaugnayan at pagkakaiba ng kahusayan ng mga guro ng kalahok sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medjor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Ang mga naging tagasagot ay 40 na mga guro ng nagtuturo sa Filipino sa mga paaralang sekondarya, pampubliko at pribado, sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2017-2018. Kabilang sa mga pampublikong paaralang sekondarya na ginawang lokal ng pag-aaral ay ang Guinsorogan National High School, Eastern Visayas Regional Science High School, Pambansang Paaralan ng Samar, Catbalogan National Comprehensive High School, Silanga National High School at Antonio G. Tuazon National High School. Ang mga pribadong paaralang sekondarya na ginawang lokal ng pag-aaral ay ang Samar College at Saint Mary's College of Catbalogan, na makikita sa Figura 2.

Gumamit ang pag-aaral na ito ng isang pagsusulit upang matukoy ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro ng nagtuturo sa Filipino, at ng talatanungan upang matukoy ang profayl varyets ng mga mag-aaral at ang kanilang mga saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.



Figura 2. Mapa ng Lokal ng Pag-aaral

(Hinango sa Google Map)

Sa paglalapat istadistika ng pag-aaral na ito, ginamit ng mga deskriptibo at inferential na istadistikang panukat katulad ng frequency count, percentage, mean, weighted mean, standard deviation, Pearson's r, Fisher's t-test, t-test for independent samples, at One-Way Analysis of Variance (ANOVA).

Katuturan ng mga Talakay

Upang maunawaan ang mga piling katawagan at akronim sa pag-aaral na ito, bibigyang kahulugang konseptuwal at operasyunal ang mga ito.

Antas ng kahusayan. Ito ay tumutukoy sa kaalamang natamo ng mga guro mula sa isang aralin o asignatura (Abad, 2005). Sa pag-aaral na ito, ang nasabing salita ay ginamit sa pagpapakahulugan ng kaalaman ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa binagong ortograpiyang Filipino batay sa kanilang mga iskor sa isang pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino.

Profile ng mga Guro. Ito ay maaaring tumutukoy sa kasarian, katayuang sibil, posisyon, pinakamataas na natapos, medyor, haba ng taon sa pagtuturo ng Filipino at mga pagsasanay na dinaluhan.

Filipino. Ito ay tumutukoy sa pambansang Wika ng Pilipinas; at asignaturang pinag-aaralan sa paaralan. Isang asignatura sa kurikulum na may kaugnayan sa balarila, mga uri ng pananalita at kahit na ang mga mahahalagang pangyayari sa ating bansa gamit bilang midyum ng instraksyon sa pagtuturo (Fernandez, 2010). Ginamit ang salitang ito sa kasalukuyang pag-aaral batay sa kung ano ang kahulugan nito sa naunang nabanggit na pangungusap.

Ortograpiya. Ito ang tawag sa paraan ng pagbibigay-simbolo sa wikang pasalita sa pamamagitan ng paraang pasulat; ito ang paraan ng ispeling na gamit sa isang wika (Virgilio Almario (2009). Ito ay ginamit sa pag-aaral na ito sa kung paano ito binigyang kahulugan sa naunang pangungusap.

Saloobin sa Filipino. Ang saloobin ay tumatalakay sa mga pagpuna sa bagay o sitwasyon na may kasamang pandama at emosyon (Presley, 1989:66). Sa kasalukuyang pag-aaral, ito ay naglahad ng mga damdamin ng mga gurong tagasagot tungkol sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang mga sagot sa ikalawang bahagi ng talatanungan.

Kursong tinapos/medyor. Ito ay tumutukoy sa kinuhang degri o espesyalisasyon ng mga mag-aaral sa antas tersyarya, Chelo Manansala-Homo. Ito ay ginamit sa pag-aaral na ito upang matukoy ang degring tinapos ng mga gurong kalahok sa pag-aaral na ito.

Ispeling. Ito ay tumutukoy sa pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino alinsunod sa Ortograpiyang Pambansa.

Seminar: Isang pagpupulong na kung saan nakakakuha ng mahahalagang impomasyon o kaalaman sa pagsasanay para sa isang partikular na paksa na magagamit para sa ikatatamo ng anumang pinagkakadalubhasaan.

Kabanata 2

REVYU NG MGA KAUKULANG LITERATURA AT PAG-AARAL

Naglalaman ang kabanatang ito ng paglalahad ng mga literatura at pag-aaral tungkol sa antas ng kahusayan ng mga guro sa Filipino, sa binagong ortograpiyang Filipino at mga kaugnay na paksa na halaw sa mga nalathala at di-nalathalang materyal katulad ng mga aklat, magasin, peryodiko, tesis at disertasyon. Ito ay nakapag-ambag sa konsepto ng kasalukuyang pag-aaral

Kaugnay na mga Literatura

Ang sumusunod ay mga pagtalakay sa mga ideya, kaisipan, mga prinsipyo, at alituntunin hinggil sa binagong ortograpiyang Filipino, kagalingan at tungkulin ng mga guro sa pagtuturo, at iba pang mga kahalintulad na mga paksa na nirebisa ng mga mananaliksik upang bigyang linaw ang mga suliranin sa kasalukuyang pag-aaral.

Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang wikang Filipino ay palaging tulad ng ibang wika sa pamamagitan ng pagsalin ng mga salita galling sa mga katutubo at dayuhang salita para sa iba't ibang sitwasyon.

Ang wika ay lumalago, nagbabago at nadaragdagan ang talasalitaan hanggat ito ay buhay, ito naman ang pahayag ni Quinto.

Kailangang buksan ng guro ang kanyang kaisipan sa mga pagababago. Kung noon natuto ang mga bata sa pamamagitan ng pagsasaulo, sa ngayon ay may iba pang paraan upang matuto ang mga mag-aaral. Ang kurikulum sa kasalukuyan ay

nagbibigay ng pagkakataon upang lalong mapalawak ang kaalaman ng mga kabataan (Penano-Ho, 2003, sinipi ni Dizon, 2016).

Ang hangarin ng bawat guro ay maging masaya at kawili-wili ang karanasan ng kanyang mga mag-aaral sa loob ng klase. Kaugnay nito, iba't ibang paraan ang naiisip ng isang guro upang makamit ang ganitong sitwasyon sa klase. Sa katunayan, ang guro ay gumagamit ng iba't ibang dulog o estratehiya upang sumigla ang kanyang klase. Ang mga dulog integratibo, interaktibo, kolaboratibo at iba pa ay matagal nang ginagamit sa pagtuturo (Badayos, 1999, sinipi ni Cruz, 2016). Ngunit ang anumang estratehiya o metodo ay mabisa kung ito ay naaangkop sa uri ng aralin, mag-aaral na isinaalang-alang ang kanilang gulang, antas ng pag-aaral, paraan ng pag-aaral, motibasyon at kahandaang kognitibo at emosyonal, kapaligiran at layunin ng pagtuturo.

Ayon kay de Saussure, na tinuran ng Komisyon ng Wikang Filipino (2013), mahirap mahuli ang bigkas ng isang “buhay na wika.” Ang wikang Filipino ay isang malusog at umuunlad na wika. Ayon pa rin sa kanya, “ang bigkas sa isang salita ay ipinapasiya, hindi ng ispelang, kundi ng kasaysayan nito.” Walang alpabeto ng alinmang wika sa mundo na perpekto ngunit bawat pagkilos tungo sa estandardisadong ispelang ay isang pagsisikap na makatulong tungo sa higit na mabisang pag-agapay ng pagsulat sa wikang pabigkas.

Isa sa mga mahahalagang usapin patungkol sa wika ay ang ortograpiya nito. Kapag pinag-uusapan ang ortograpiya ng isang wika, ang binibigyang-pansin dito ay ang sistema ng pagsulat nito – kung ilang titik ang bumubuo sa alpabeto, kung papaano

tatawagin ang mga titik na ito, at kung anu-ano ang mga batas na dapat sundin sa pagbabaybay.

Ang gabay sa ortograpiya o palatitikan ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispelang. Ninanais palaganapin sa gabay ng ortograpiyang Filipino ang estandardisadong mga grafema o pasulat na mga simbolo at ang mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinatanghal din dito ang mga naganap na pagbabago mula sa panahon ng abakadang Tagalog bunga ng modernisadong alpabeto at bunga na rin ng umuunlad na paggamit sa Wikang Pambansa.

Ang kasaysayan ng ortograpiya ng wikang Filipino ay maaaring ugatin mula sa sinaunang panahong gumagamit ang mga Filipino ng katutubong paraan ng pagsulat na tinatawag na baybayin (Komisyon ng Wikang Filipino, 2013). Ngunit naramdaman ang pangangailangan sa radikal na reoryentasyon ng pagpapaunlad sa Wikang Pambansa noong pumapasok ang dekada 70 (Almario, 2013). Hindi sapat ang pagpapangalan sa Wikang Pambansa na “Pilipino” noong 1959 sa bisa ng isang kautusang pangkagawaran ni Kalihim Jose Romero. Sa Konstitusyong 1973, tinawag na “Filipino” ang Wikang Pambansa. Sinundan ito ng isang bagong gabay sa ortograpiya na lumabas na nabuo noong 1976 at nalathala noong 1977 sa pamagat na “Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino”. Isa sa nilalaman nito ang pagbabago ng abakada

na naging tatlumpu at isa (31) ang mga titik sa pamamagitan ng dagdag na labing-isang (11) titik na napagkasunduan sa isang serye ng mga simposyum noong 1976. Dahil sa dami ng bagong alpabeto, tinawag itong pinagyamang alpabeto ngunit sinundan ng mga puna na lubhang pinarami ito kaysa kailangang mga bagong titik. Muling sinuri ang alpabeto, binawasan ng mga bagong titik, at noong 1987 ay neribisa at napagkasunduang maging dalawampu at walo (28) ang bilang ng titik sa binagong ortograpiya. Tinanggap ang mga dagdag na titik na C, F, J, Ñ, Q, V, X, at Z. Pinalaganap din ang isang “modernisadong alpabeto” na ipinababása ang mga titik sa paraang Ingles, maliban sa Ñ na mula sa alpabetong Espanyol.

Naglathala ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ng bagong gabay nitong 2009 na may ikaapat na edisyon nitong 2012. Mapapansin sa gabay ang pagsisikap nitong gamitin ang mga simulain mula sa resulta ng mga forum ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) gayundin ang nagbabagong tindig ng KWF mula sa unang edisyong 2009 hanggang pinakahuling edisyong 2012. Sinikap pagtibayin ang mga tuntuning napagkasunduan, bukod sa hinarap ang ibang problema kaugnay ng pagpapabilis sa pagsasanib ng mga salita mula sa mga katutubong wika ng Filipinas. Sa gayon, nanatili ang napagkasunduang paraan ng panghihiram mulang Ingles sa 2005-2006 forum. Nakabatay ang kasalukuyang gabay ng ortograpiyang Filipino sa mga resulta ng pag-uusap sa 2013 forum at sa iba pang umiiral nang kalakaran (Komisyon ng Wikang Filipino, 2013).

Upang luminaw, natalakay sa 2013 forum ng Komisyong ng Wikang Filipino ang sumusunod na mithiing katangian ng ortograpiyang Filipino: (1) Ang pagbuo ng

panuto ay kailangang patnubayan ng matiyagang paglingon sa kasaysayan upang masipat ang anumang tradisyon ng nagdaang paraan ng pagsulat sa wika, mula sa panahon ng alibata, sa panahon ng pagpapalaganap sa alpabetong Romano, sa panahon ng abakada, at hanggang sa paggamit ng modernisadong alpabetong Filipino. (2) Kailangang ibatay ito sa mataas na modelo ng paggamit ng wika. Tinutukoy nito ang dagdag na pagsuri sa nakasulat na panitikan upang paghugutan ng mga panutong ortograpiko bukod sa pagmamatyag sa nagaganap na pagbabago sa wikang pabigkas. Mahigpit ding kaugnay ito ng katatalakay na mithing hanguin ang tuntuning ortograpiko mula sa karanasang pangkasaysayan. (3) Kailangang episyente ang ortograpiya o nakatutugon sa mga pangangailangan sa pagsulat. (4) Kailangang pleksible ang ortograpiya upang magampanan ang lumalawak (pambansa) na gamit ng wikang Filipino. Masisinag sa kasalukuyang gabay ang pagsisikap na ipaloob ang ibang katangian ng mga wikang katutubo na wala sa batayang korpus (ang Tagalog) ng abakada. (5) Kailangang madali itong gamitin. Ang bagay na ito ang maipagmamalaki ng baybayin at abakada. Gayunman, sa kabila ng pumasok na salimuot mula sa mga tunog ng modernisadong alpabeto ay maipagmamalaki pa rin na madaling ituro at palaganapin ang kasakuluyang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino.

Ang umiiral na ortograpiyang Filipino na binuo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na tinuran ni Añonuevo (2012), ay mabibiyak sa tatlong bahagi: una, ang paglalahok ng mga hiram na titik sa Inggles (at Espanyol), gaya ng `\c\`, `\f\`, `\j\`, `\ñ\`, `\q\`, `\x\`, at `\z\` sa dating Abakadang Tagalog na may apat na katumbas na tunog sa patinig (malúmay, mabilís, malumí, at maragsâ) at ang katinig na may tunog na

mahihina (\l\, \m\, \n\, \ng\, \r\, \w\, \y\)) at malalakas (\b\, \k\, \d\, \g\, \p\, \s\, \t\)) at ang pagtatangkang pagdaragdag ng kaukulang tunog mula sa mga idinagdag na banyagang titik; ikalawa, ang pagbabaybay, paglalapi, pagbabantas, pag-uulit, at pagpapantig ng mga salita, taal man sa Filipinas o hiram mula sa ibayong-dagat; at ikatlo, ang pagtatakda ng tuntunin sa panghihiram sa Espanyol, bagaman hindi malinaw ang sa Inggles at iba pang banyagang wika, gaya ng Pranses, Aleman, Arabe, Hapones, at Tsino.

Sina Gentry at Graham (2010) ay nagpaliwanag na ang ispeleng ay isang gawain sa pagbuo ng mga salita mula sa mga letra, o kabaliktaran, ang proseso sa pagkilala sa mga letra na nakalilikha ng mga salita sa bawat konseptuwal na salita sa alpabetikal na wika ay may tinatanggap sa paraan sa kung paano ito baybayin. Ibig sabihin ito ay bahagi ng isang tiyak o ispesipikong ortograpiya – isang dinamikong sistema ng mga simbolo at may panuntunan na sinusunod at nirerepresent sa bawat wika.

Isang pundamentong tanong tungkol sa ortograpiya ng isang wika ang kung ano ang elemento ng wika na dapat itala ng ortograpiya, at kung paano ito itatala (Cena, 2010). Sapagkat ang pangunahing layon ng ortograpiya ay para makatulong sa episyenteng pagbasa at pagsulat, kung gayon, ang yunit ng wika na igagalang ng ortograpiya ay iyong may pinakamalaking tulong sa pagbasa at pagsulat. Sa katiyakan, isang gabay sa paghusga sa kahusayan ng isang ortograpiya ang kalaliman ng ortograpiya. Sa mga ortograpiya na ang eskripto ay alfabeto, tulad ng Filipino, ang lalim ng ortograpiya ay sinusukat ayon sa katapatan ng tambalan ng grapema at tunog. Ito ang dahilan kung kaya't kailangan ng isang gabay sa ortograpiyang Filipino.

Ipinapahiwatig ng mga naunang pangungusap na magkakatuwang ang kasaysayan, wika at kultura. Sa wika naipahahayag ang kultura at kasaysayan habang hinuhubog naman ng mga ito ang mga salita. Kung kaya sa pag-iimbentaryo ng bokabularyong Filipino, masisipat sa mga salita ang kulturang katutubo maging ang impluwensyang banyaga na iniangkop at inangkin na natin. Bitbit ng Filipino bilang pambansang wika ang danas ng pagka-Filipino. Hindi lamang ito simbolo ng identidad ng ating lahi kundi instrumento rin ng pag-unawa sa mga bagay na Filipino (Encabo-Alvarez, 2009).

Ang ortograpiya ay isang sistema na nagrerepresenta sa wika sa paraang pasulat na kung saan ito ay nagtataglay ng napakaraming simbolo na siyang bumubuo sa iisang tunog (maaaring ito ay isang karakter, letra o grapema) (Cahill and Karan, 2008). Sinasaklaw rin nito ang kalapit na kinalalagyan ng mga simbolo, pagpapantig sa mga salita, mga bantas, paggamit ng malalaking titik, haypen, at iba pang aspeto na siyang nagpapatibay sa paraan ng pagsulat.

Ayon kay Graham at Hebert (2008), ang ispelang ay personal na kakayahan at ang katuparan ng pagbaybay ay nakadepende sa uri ng taong nagsasagawa nito. Una, karamihan ng mga estudyante ay nakakaranas ng kahirapan sa paglinang ng pandinig sa kung paano binibigkas ang mga salita ayon sa tamang tunog ng wika. Sa paglinang ng kaalamang ponolohikal, kailangan nilang maging sensitibo sa kung paano binibigkas ang bawat tunog na nirerepresenta ng alpabeto sa isang wika at makuha ang kakayahang maisalin ito. Pangalawa, nahaharap sila sa hamon na lubos na

maintindihan ang istruktural na aspeto ng isang wika sa pamamagitan ng morpolohikal na kabatiran, kailangan nilang maging pamilyar sa gramatikang kayarian ng wika, ang mga bantas, siyempre ang wastong baybay ng mga salita. Pangatlo, ang estudyante ay kailangan magkaroon ng kaalaman pansemantika. Dito makikillala ang konteksto ng makikitang salita at malaman kung paano mababago ang kanilang kamalayan. Sa huli, dapat malinang kung paano mababago ang kanilang kamalayan. Sa huli, dapat malinang ang mga kakayahang malagpasan ang mga sagabal, at iba pa upang maisakatuparan ang malinaw na pagpapahayag ng isang payak na kaisipan.

May mga pagbabagong nagaganap at higit na binibigyang pokus nito ang ortograpiya sa mga nagdaang taon at kinakikitaan sa pamamagitan ng higit na pagtaas ang mga pinakabantog na lathalaing nakatuon sa topiko. Maraming salik ang kaakibat nito, ngunit ang pinakamahalaga ang pagtaas n gating kamalayan sa nawawala na wika, at ang positibong epekto ng literatura at kaalaman sa wika na mapapanatili natin. Ang ortograpiya ay nangangailangang maging epektibo, at nangangailangang (a) may linggwistikang angkin, (b) tinatangkilik at tinatanggap ng mga taong gumagamit nito, (c) naituturo, at (d) madaling maisagawa.

Ilan sa mapupuna sa umiiral na ortograpiyang Filipino ang sumusunod: (a) sa panghihiram ng mga titik mula sa banyagang alpabetong Inggles o Espanyol, hindi malinaw sa tuntunin kung hihiramin din ba ang katumbas na tunog ng nasabing mga titik, o kaya ay sisikaping tumbasan ng pinakamalapit na tunog sa Filipino ang nasabing hiram na mga titik; (b) may suliranin ang mga titik na hiram mula sa Espanyol,

gaya ng \f\, \j\, \ñ\, \q\, \x\, at \z\ dahil ang mga tunog nito ay karaniwang itinatumbas sa dati nang umiiral sa Tagalog; (c) kung magiging bukas sa banyagang tunog ang panukalang ortograpiya, kinakailangang maging bukas din ang Filipino sa tunog schwa, gaya ng taglay ng sa Maranaw [ˈMəranau], Bikol, at Pangasinan; (d) hindi rin malinaw kung hanggang saan makapanghihiram ang Filipino doon sa mga banyagang wika; (e) dinamiko ang kaso ng pagbabaybay, paglalapi, pagbabantas, pag-uulit, pagbigkas, at pagpapantig ng mga salita, taal man sa Filipinas o inangkin nang ganap gaya ng mga salitang Espanyol na pumasok sa bokabularyo ng Filipino; at (f) sa unang malas ay iisiping magkakaiba ang labindalawang panukalang ortograpiya mula sa labindalawang pangunahing lalawiganing wika (Zafra, 2008).

Ayon kay Coulmas (2006), lahat ng ortograpiya ay espisipikong binibigyang tuon ang wika.

Ang mga taong may kinalaman sa ortograpiya ay dapat maging maingat at mapagmasid na ito ay naaayon sa ortograpiyang pinaiiral, kalakip ang eskritong angkin nito. Higit na mahalaga ang kanilang kamalayan sa kaparaanan ng pagbabaybay at pagbabantas. Sa makatuwid, ang ideyal na ortograpiya ay maluwag na tatanggapin hindi lamang ng mga kasapi ng lokal na pamayanan kung hindi pati ang tagapagsalita at gagamit ng wika sa malawakang pakikipagtalastasan. Bilang karagdagan, sa sosyo-politikal na konsiderasyon, linggwistik, kognitib, ekonomik, at teknolohikal na salik ang mga ito ay may mahalagang ginagampanang papel sa pagpili ng pasulat na paraan ng isang wika.

Ganunpaman, ang pagtanggap sa binagong ortograpiyang Filipino ay nakasalalay sa maraming salik. Ang kalahagahan ng sosyolohikal na salik ay hindi dapat ipagwalang bahala. Malipan kung paano ito magiging linggwistiko't teknikal at wastong ortograpiya. Ang una ay patuloy na pagtanggap ng mga taong pinaglalaanan nito ay kailangan maging masusi sa pagtukoy sa kabisahan at agarang paggamit nito (Stage and Wagner, 2002). Nararapat din na katanggap-tanggap ito sa mga kinauukulan na may malaking impluwensiya sa edukasyunal na nakagawian ng lipunan.

Ang pag-aaral ng mga estudyante sa pagsulat at kaalaman sa salita ay naghahayag na ang pagkatuto sa pagbabaybay ay isang prosesong debelopmental at ang pag-unawa ng mga mag-aaral kung paano ang sistema isinasagawa ito ay naaayon sa pattern ng alpabeto, ibig sabihin, nababatay ito sa tamang pagkakasunod-sunod (Templeton and Bear, 2002). Marapat na turuan ang mga estudyante ng guro kung paano mapapaunlad ang kanilang kaalaman sa pagbabaybay hanggang sila ay magkaroon ng sapat na kahandaan.

Dahil sa kahalagahan ng ortograpiya para mapalago ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga guro, kailangang matanggap at makabisa nila ang binagong ortograpiyang Filipino. Higit sa lahat, kailangang linawin na walang ganap na bagong kalakaran at kumbensyon sa patnubay na gamit sa ortograpiyang Filipino. Sa katunayan, marami rito ay dati nang mga kaalaman at tuntunin na naipahayag, naimungkahi o naiharap na sa nakaraan, subalit sa di malamang dahilan ay naiwaksi at nakalimutan.

Maraming salik ang maaaring maging hadlang para sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral sa binagong ortograpiyang Filipino. Ngunit lubos pa ring nakaaapekto ang paraan kung paano nailahad o ilalahad ng guro ang mga aralin ayon sa napiling istilo nito.

Ang pagtuturo ay nasa larangan ng agham. Ang mga teknik at estratehiya sa pagtuturo ay umaalinsunod sa maayos, sistematikong pagkakasunud-sunod ng mga hakbang. Hinihingi ng mabisa at mabilis na pagtuturo ang paggamit ng mabubuting pamamaraan ng pagtuturo. Nakasalalay sa mabuting pamamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng guro (Belvez, 2000).

Ang kaugnay na mga literatura na tinalakay sa bahaging ito ay nagpatunay na mahalaga ang binagong ortograpiyang Filipino sa pagpapaunlad ng wikang Filipino at higit na mahalaga ang estratehiyang ginagamit ng guro upang maituro at matutunan ng kanyang mga mag-aaral ang binagong ortograpiyang Filipino. Kaugnay nito, ang mga pagtalakay sa bahaging ito ay nakapagbigay ng malalim na pag-unawa hinggil sa kahalagahan ng estratehiyang gagamitin at ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino lalo na ang binagong ortograpiya nito.

Kaugnay na mga Pag-aaral

Ang mga nabanggit na pag-aaral sa seksyong ito ay tumatalakay sa wikang Filipino sa pangkalahatan, at sa mga aspeto nito, lalo na ang binagong ortograpiya sa palabayabayan, sa katiyakan.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay may pagkakahawig sa isinagawang pananaliksik ni Mustacisa (2014) na pinamagatang “Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo”. Lumabas sa pag-aaral na ito ang mababang perormans sa kakayahang komunikatibo ng mga estudyante; walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga estudyante batay sa kanilang mga katangian; ang dalas ng istilong pagkatuto ay minsan lang naipakita sa awditori at taktayl, subalit madalas na ipinakita sa biswal at kinestitik; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga istilong pagkatuto ng mga estudyante at ang kanilang mga katangian; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga estudyante at ang kanilang mga istilo sa pagkatuto.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Mustacisa ay may pagkakatulad sa kasalukuyang pananaliksik sa aspeto ng layunin ng pag-aaral. Sa pag-aaral ni Mustacisa, nilayong alamin ang kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa kaparehong dahilan na nilayon ding alamin ng kasalukuyang pag-aaral ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, na pailalim na tumatalakay sa kakayahan sa pagsulat na kabilang sa mga makrong kasanayang komunikatibo. Subalit ang dalawang pag-aaral ay magkaiba dahil ang tuon ni Mustacisa ay sa mga mag-aaral samantalang ang tuon ng kasalukuyang pag-aaral ay sa mga gurong nagtuturo ng Filipino.

Ang pag-aaral ni Chelo Manansala-Homo na pinamagatang “Lawak ng Kaalaman sa Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Mataas na Paaralan ng Gubat,

Distrito ng Sorsogon” (2014) ang kinalabasan ng pag-aaral ay hindi gaanong malawak ang kaalaman ng mga guro sa ortograpiyang Filipino sa dahilang may mga suliraning kinakaharap ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng Binagong Ortograpiyang Filipino. Ilan sa mga suliraning kinakaharap ng mga Guro ay hindi sila medyor sa Filipino, kaunti lamang ang seminar at pagsasanay na dinaluhan, walang kaugnayan sa ortograpiyang Filipino ang pagsasanay na dinadaluhan, Kulang at kapos ng panahon sa pagbabasa ukol sa ortograpiya, walang badyet para makadalo sa mga seminar at pagsasanay at maraming gawaing pampaaralan. Ang pag-aaral ni Homo ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat binibigyang tuon dito ang ortograpiya, subalit may pagkakaiba sa kasalukuyang pag-aaral ang pag-aaral ni Homo sa dahilang layunin ng kanyang pag-aaral na tasahin ang lawak ng kaalaman sa ortograpiya ng mga guro, ganunpaman ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong mabatid ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro.

Si Caceres (2013) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang “Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Pagbabaybay sa Wikang Filipino sa Sekondaryang Paaralan”. Ang nabuong konklusyon sa pag-aaral ni Caceres ay ang mga sumusunod: (a) ang kaisipan ng mga mag-aaral na madali lang naman ang asignaturang Filipino ang isa sa mga naging sagot ng mga guro sa sekondaryang paaralan; (b) ang kakulangan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa linggwistikong Filipino; (c) ang maling pagbigkas ay siya ring dahilan ng pagkakamali sa pagbabaybay. Ayon sa mga nabanggit na konklusyon, ang mga sumusunod ang nagawang rekomendasyon: (a) gabayan ang mga

mag-aaral na alamin ang pagbabaybay ng Wikang Filipino at Wikang Banyaga; at (b) kailangang magsanay sa tunog ng bawat letra ang mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ni Caceres ay nabanggit sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa pareho ang kanilang tuon – tungkol sa pagbaybay sa wikang Filipino na may mahalagang salik sa binagong ortograpiyang Filipino. Kaya lamang, ang pag-aaral ni Caceres ay partikular na tumalakay sa mga suliranin ng mga mag-aaral sa sekundarya sa pagbaybay sa wikang Filipino; samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa antas ng kahusayan sa ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Bilang karagdagan sa isinagawang pananaliksik, sa kasalukuyang pag-aaral ay nakita ang kaugnayan nito sa pag-aaral na isinagawa ni Chao (2012) na pinamagatang “The Visual Word Recognition and Orthography Depth in Second Language Acquisition”. Ang pag-aaral ay nag-imbestiga kung ang kasiningan ng unang wika (L1) ay nakaapekto sa wikang may kinalaman sa pagkatuto sa ikalawang wika (L2). Labinlimang tagapagsalitag puro Chinese at labinlimang tagapagsalita ng purong Griyeko ay napili upang subukin ang kanilang kakayahan sa wikang English. Ang resulta ay iminungkahi na ang kasiningan ng ortograpic ay may malaking kinalaman sa L2 o ikalawang wika ngunit ang pamilyar na mga salita ay nadetermina sa pagkilala sa performans ng isang pagkatuto. Ang datos ay maipagkakahulugan na ebidensiyang sumusuporta sa kahalagahan ng Orthographic Depth Hypothesis (ODH) sa pagkatuto ng ikalawang wika (ang orihinal na ODH ay maiuugnay sa orthographic depth effect on L1). Ganunpaman, ang pagpapanatili sa impluwensiya sa ispelang at tuntunin sa mga tunog ay hindi epektibong tagapagkontrol sa orthographic depth variations. Ang datos

ay pwedeng tumayo bilang pangalawang paraan at modelo ng mga salita bilang pagbibigay pananaliksik sa emperikal na ebedensiya.

Sapagkat ang pag-aaral ni Chao ay nilayong alamin ang kaugnayan ng biswal na pagkilala at lalim ng ortograpiya sa pangalawang wika, samakatuwid ito ay magkaiba sa kasalukuyang pag-aaral. Ang nabanggit na pag-aaral ni Chao ay mas komplikado sa dahilang pinag-ugnay ang biswal na pagkilala at lalim ng ortograpiya. Kaya lamang ito binanggit sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa pagtuon nito ng pansin sa konsepto ng ortograpiya.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay may kaugnayan din sa pag-aaral na isinagawa ni Martinez (2011) na naglayong matukoy ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino bilang isang medyor. Natuklasan sa ginawang pag-aaral na pinipili ng mga mag-aaral ang Filipino bilang kanilang medyor dahil sa pagkakaroon ng magandang karanasan sa kanilang pag-aaral gamit ang sariling wikang Filipino. Gayundin, ang malaking pangangailangan ng mga tagapagturo ng wikang Filipino sa larangan. Samantala, napatunayan sa pag-aaral na hindi ikinokonsidera ang Filipino bilang medyor bunga ng pagkakaiba-iba ng interes, talento at kakayahan ng mga mag-aaral, kahirapan ng asignatura dahil sa kakulangan ng kasanayan ng mga guro sa Filipino sa sekondarya at ang kawalan ng oportunidad na makapangibang-bansa.

Sa kadahilanang ang pag-aaral na ito ay ukol sa mga saloobin sa Filipino kaya ito ay nailahad sa kasalukuyang pag-aaral na tumukoy din sa saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa wikang Filipino. Subalit, marami ang pagkakaiba ng isinagawang pag-aaral

ni Martinez kaysa sa kasalukuyang pag-aaral sa aspeto ng mga baryets na tinaya at mga prosesong ginamit sa pananaliksik.

Ang nabanggit na mga pananaliksik ay may mahalagang kaugnayan sa pag-aaral na ito dahil sa pagbibigay ng tuon sa wikang Filipino at mga kaakibat na paksa nito katulad ng mga saloobin sa wika, suliranin sa pagbaybay at lalung-lalo na sa ortograpiya nito. Subalit, nagkakaiba-iba ang mga nabanggit na pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa mga kalahok sa pag-aaral, mga instrumentong gamit sa pangangalap ng mga datos at ng iba pang metodolohiyang gamit sa pagsagawa ng pag-aaral.

Samantala, si Epistola (2010) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang “Pambalarilang Kamalian sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kursong Edukasyon ng Baguio Colleges Foundation”. Natuklasan sa nasabing pananaliksik na ang pinakamataas na pagkakamali ay sa aspekto ng pandiwa, sumunod ang kamalian sa pandiwa. Sa aspektong sintaks ay pagkakamali sa wastong gamit ng salita, pagkakaltas ng pangatnig partikular sa paggamit ng “nang” at “ng”. Natuklasan ding nagkakamali sa paggamit ng pang-ukol at pantukoy. Sa aspektong leksikal, pinakamataas ang kamalian sa wastong gamit ng salita, sumunod ang kaayusan ng mga salita at ang pinakamababa ay ang paggamit ng panuring.

Katulad ng isa pang nabanggit na pananaliksik, ang ginawa ni Epistola ay may mahalagang kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa pagtuon nito sa pamabalarilang kamalian na tumutukoy din sa wikang Filipino na siya ring tuon ng kasalukuyang pag-aaral. Sa kabila nito, ang naunang pag-aaral ay mas nakatuon sa

pambalarilang kamalian sa pagsulat sa antas tersyarya. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapokus sa mas tiyak na aspeto ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo ng Filipino.

Kaugnay pa rin sa pag-aaral na ito, si Ichiano (2009) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang “Mga Kamalian sa mga Sulating Pormal sa Filipino ng Ikalawang Taon Pansekundarya: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat at Pakikipagtalastasan”. Natuklasan sa pag-aaral na ang kasanayan na nangangailangan ng lubos na pagsasakatuparan sa paggawa ng isang sulating-pormal ay nilalaman o content ng sulatin na may 41% (4.66) dahil sa di-gaanong malinaw ang pagkakabuo ng sulatin sapagkat limitado lamang ang pagkakaugnay ng mga ideya kaya't hindi kinakitaan ng isang magandang kinalabasan. Natuklasan din sa pag-aaral na nabanggit na ang pagkakabuo o organisasyon ng teksto ay may 31% (3.62) na ang ibig sabihin ay di-gaanong malinaw ang pagkakabuo ng sulatin dahil sa kakulangan ng malawak na talasalitaang ginamit. Ang pagkasulat o mekaniks ng isang sulatin ay may 28% (3.17) na nagpapatunay na di-gaanong maayos ang pagkakasulat ng talataan at binaliwala ang paggamit ng palugit sa pagsulat ng sulatin. Natuklasan din sa pag-aaral na ito na ang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sulatin sa Filipino na ayon sa paggamit ng mga bahagi ng pananalita ay may 4.75 weighted mean na nagsasaad na di-malubha ang kamalian sa gramatika; ang pagbabaybay ng mga salita ay may 33% (2.56) na nangangahulugang malubha ang mga kamalian.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Ichiano ay hinggil sa mga kamalian sa mga sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang taon pansekundarya bilang

batayan sa pagpapaunlad ng pagsulat at pakikipagtalastasan ay may pagkakaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Sa karagdagan, dahilan sa ang pag-aaral ni Ichiano ay tumalakay sa mga kamalian sa mga sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral, ito ay pailalim na may kaugnayan sa pag-aaral ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino dahil sa ito ay tumatalakay sa paraan ng pagbibigay-simbolo sa wikang pasalita sa pamamagitan ng paraang pasulat lalo na sa pagbabaybay ng mga salita na tinukoy ng mga mag-aaral na may malubha ang mga kamalian.

Ang pag-aaral ni Coronel (2009) tungkol sa “Antas sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Filipino I sa Tersyarya ng St. Michael’s College: Batayan sa Programang Pang-Interbensyon” ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, lahat ng mga respondente ay nagtala ng mga mababasang materyal na matatagpuan sa bahay. Natagpuan sa pag-aaral ang mahalagang kaugnayan ng kasarian sa kasanayan sa pagbuo ng komposisyon. Natuklasan ding mahalaga ang pagkakaroon ng mababasang materyal sa bahay para sa pagbuo ng nilalaman, pag-oorganisa, pagkakaroon ng maunlad na bokabularyo at pagsunod sa mekaniks. Ang edukasyon ng ama ay natagpuang mahalaga para sa ikahuhusay ng mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman at sa paggamit ng wika. Samantalang ang edukasyon ng ina naman ang natagpuang mahalaga sa ikauunlad ng nilalaman sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino. Ang edad, napagtapusang paaralan sa sekondarya at oras na inilalaan sa panonood ng telebisyon ay walang mahalagang kaugnayan sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kabuuan ay natuklasang

ang mga mag-aaral ay may napakahinang kasanayan sa pagbuo ng nakasulat na komposisyon gamit ang wikang Filipino.

Sa kadahilanang ang pag-aaral na isinagawa ni Coronel ay tungkol sa antas sa kasanayan sa pagsulat kung kaya't ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Ang pagtukoy sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng kasalukuyang pag-aaral ay nangangahulugan ng pagtukoy sa antas ng kasanayan sa paraan ng pagbibigay-simbolo sa wikang pasalita sa pamamagitan ng paraang pasulat.

Si Sun-Alperin (2007) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang "Cross-Language Transfer of Phonological and Orthographic Processing Skills in Spanish-Speaking Children Learning to Read and Spell in English". Napag-alaman na ang pagbagtas ng dalawang wika sa palatunugan at ortograpiya ay naililipat mula sa Espanyol patungong Ingles para sa mga orihinal at hiram na salita na nabasa. Ganunpaman, ang ortograpiya ng mga Espanyol ay bilang proseso at bahagi ng pagbabasa, hindi ang pagbaybay nito. Sa ikalawang pag-aaral ay sinuri ang mga maling baybay na nakapaloob sa orihinal na istruktura ng wika - ang mga patinig ay binaybay sa dalawang magkakaibang wika (halimbawa: kontrastiv na patinig) - upang mabatid kung ang mga mag-aaral na nagsasalita sa wikang Espanyol ay binaybay ang mga patinig na naaayon sa alituntunin nila. Ang mga kalahok sa ganitong pag-aaral ay maingat na kinalap, sa pagsasalita sa wikang Espanyol ang mga mag-aaral ay nakatanggap bali 2.2 taon para sa literal na instruksiyon sa kanilang sariling wika, pagsisiguro na sila ay makakakuha ng isang sapat na pagkatuto sa ortograpiya na ibabasi at babaybayin sa wikang Espanyol. Sa pag-aanalisa kinakitaan ang 27 na mag-

aaral na gumagamit ng unang wika ang nagtataglay ng paunang kaalaman na binibigyang pansin ang palabaybayan sa pamamagitan ng pag-uugnay gamit ang ortograpiyang Filipino. Sinipi at pinagsama, ang dalawang pag-aaral na ito ay binigyang tuon at importansiya upang ikonsidera ang paggamit ng mga mag-aaral ng L2 sa pagbasa at paggamit sa pagbabaybay. Ang resulta ng dalawang pag-aaral ay nakatutulong sa batayang teyoritikal sa pamamagitan ng paggamit ng ebedensiyang emperikal upang suportahan ang usapin na ang mga batang gumagamit ng dalawang wika ay naapektuhan sa pagkakaiba ng ortograpiya, maging positibo at negatibo mang pananaw.

Ang pag-aaral ni Sun-Alperin ay ginamit na basehan sa kasalukuyang pag-aaral upang bigyang linaw ang mga usapin hinggil sa ortograpiyang Filipino. Ito ang nagsilbing matibay na dahilan kung kaya't nabanggit ang naturang pag-aaral sa kasalukuyang pananaliksik. Kaya lamang, mayroong pagkakaiba ang dalawang pag-aaral lalo't higit na ang binigyang pansin ni Sun-Alperin ay ang mismong kasanayan sa ortograpiya ng mga kabataang nagsasalita ng Espanyol. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang binigyang pansin ay ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Ang layon ng pag-aaral ni Castro (2001) ay matanto ang lawak ng kaalaman ng mga guro hinggil sa Makabagong Kalakarang Pangwika sa Hilagang Distrito ng Gubat, Sorsogon. Natuklasan niyang hindi pa malawak ang kaalaman ng mga guro ukol ditto. Iminungkahi ang pagdalo ng mga guro sa pagsasanay upang lumawak ang kaalaman sa mga makabagong kalakarang pangwika. Ang pag-aaral ni Castro ay nakapokus sa

lawak ng kaalaman ng mga guro sa makabagong kalakarang pangwika. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong alamin ang ang antas ng kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa sekundarya, Lungsod ng Catbalogan.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Naglalahad ng paglalarawan at pagtatalakay sa mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik ang kabanatang ito. Nakapaloob dito ang disenyo ng pananaliksik, instrumentasyon, validasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglilikom ng mga datos at paglalapat istadistika sa pag-aaral na ito.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong uri ng pananaliksik sa pagtukoy sa kahusayan sa pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro sa sekundarya sa Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2016-2017. Ang deskriptibong pamamaraan ay ginamit upang matukoy ang profayl ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ayon sa kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medyor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seminar o pagsasanay na dinaluhan at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino. Ito rin ay ginamit sa pagtataya ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro ayon sa isang pagsusulit.

Sa karagdagan, gumamit ang pag-aaral na ito ng komparatibong pag-aanalisa upang matukoy kung may mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medyor sa Filipino at hindi Filipino medyor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets. Sa kabilang dako, ginamit ang korelesyunal na uri ng pananaliksik upang malaman kung may mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng

kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl varyets.

Sa ginawang pagtutuos sa mga nalikom na datos, gumamit ang mananaliksik ng mga angkop na pantaya sa pag-aaral na ito. Ang mga istadistikang ito ay frequency count o dalas, percentage o bahagdan, mean, standard deviation, weighted mean, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), Fisher's t -test, t -test for independent sample means, One-Way Analysis of Variance (ANOVA) at Scheffe's test.

Instrumentasyon

Gumamit ang pag-aaral na ito ng talatanungan at pagsusulit bilang mga instrumento upang malikom ang mga datos ng pag-aaral.

Talatanungan. Ang talatanungan ay isa sa nagsilbing paraan upang malikom ang mga datos ng pag-aaral na ito. Ito ay sariling gawa ng mananaliksik na may dalawang bahagi.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay isang supply type kung saan ang mga gurong kalahok ay inatasang maglagay ng mga hinihinging datos sa pamamagitan ng pagsulat ng mga tamang kasagutan sa mga puwang na nakatalaga sa bawat bilang o dili kaya ay sa pamamagitan ng paglagay ng tsek (/) sa angkop na puwang. Ang bahaging ito ay naglaman ng mga aytem tungkol sa profayl varyets ng mga gurong tagasagot kabilang ang kanilang gulang at kasarian, kursong natapos o medyor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seminar o pagsasanay na dinaluhan at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay isang tseklist hinggil sa saloobin ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ukol sa binagong ortograpiyang Filipino. Ito ay naglalaman ng sampung aytem na kung saan ang mga tagasagot ay inatasang maglagay ng tsek sa angkop na espasyo. Ang kasagutan ng mga gurong kalahok ay binigyan ng karampatang balyu gamit ang limang puntos na iskala: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Tiyak, 2 para sa Di-Sumasang-ayon at 1 para sa Lubos na Di-Sumasang-ayon.

Pagsusulit. Ang pagsusulit ang siyang nagsilbing pangunahing instrumento para masukat ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong kalahok. Ang pagsusulit ay binuo ng 60 aytems na pumapaloob sa pagbabaybay ng mga hiram na salita, pagtaya sa tamang ispelang batay sa alintunin ng binagong ortograpiyang Filipino at tama o mali sa mga alintunin hinggil sa binagong ortograpiyang Filipino.

Validasyon ng Instrumento

Ang instrumentong ginamit sa pagkalap ng mga datos kabilang ang talatanungan na sariling gawa ng mananaliksik at ang pagsusulit ay sumailalim sa balidasyon upang masukat ang kanilang katatagan at ang kakayahan nito na makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin.

Ang kopya ng borador ng talatanungan at ng pagsusulit ay isinumite sa Tagapayo upang analisahin ang kontent ng mga ito. Pagkatapos maisangguni ang talatanungan at pagsusulit sa Tagapayo, ito ay nirebisa at iniakma sa mga suhestiyong ibinigay ng Tagapayo. Pagkatapos nito, inihanda ang pinal na porma ng talatanungan

at pagsusulit para sa pamumudmod nito sa mga tagasagot na mga gurong nagtuturo sa Filipino sa Jiabong National High School, Jiabong, Samar, na kung saan may 5 tagasagot at Pangdan National High School, Pangdan Samar, na may dalawang tagasagot upang masukat ang kakayahan nito na makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin.

Ang unang pamumudmod ng mga talatanungan at pagsusulit ay ginawa noong Disyembre 2017 sa lahat ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa JNHS at PNH sa oras ng klase. Pagkatapos ng apat na araw, isinagawa ang ikalawang yugto (re-test) ng pamumudmod ng nasabing mga instrumento. Pagkatapos nito, sinukat ang konsistensye ng mga indikators gamit ang Cronbach alpha. Batay sa ginawang pagtataya ng Cronbach alpha, mataas ang kinalabasang balyu na nangahulugang ang talatanungan ay may katatagan at kakayahan na makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin.

Sa kabilang banda, gumawa ng isang Table of Specifications ang mananaliksik upang matiyak ang mga kompetensi para sa pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino na sumukat sa antas ng kahusayan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino. Ang inisyal na pagsusulit na ginawa ay binuo ng 80 aytems na binubuo ng mga hiram na salita sa wikang Filipino, tamang pagbaybay sa mga salitang Filipino, at iba pang mga kahalintulad na paksa.

Ang nasabing pagsusulit ay ibinigay sa mga gurong nagtuturo sa Filipino sa Jiabong National High School at Pangdan National High School kasabay ng pagpapamudmod sa mga talatanungan. Pagkatapos ng isinagawang pagsusulit,

isinagawa ang item analysis upang matukoy ang index of discrimination at index of difficulty. Ang kinalabasan ng ginawang item analysis ay naging daan sa pagkakaroon ng pinal na 60 aytems na pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino para sa mga aktwal na gurong kalahok sa pag-aaral.

Pamamaraang Sampling

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga gurong nagtuturo sa Filipino sa mga pampubliko at pribadong paaralang sekondarya sa Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2017-2018. Ginamit ang total enumeration o universal sampling upang matukoy ang mga kalahok sa pag-aaral dahil ang kabuuang bilang ay umabot lamang sa 40. Makikita sa Talahanayan Bilang 1 ang distribusyon ng mga gurong kalahok.

Talahanayan 1

Mga Gurong Kalahok

Mga Paaralang Sekondarya	Bilang	Bahagdan
Guinsorogan National HS	3	7.50
Eastern Visayas Regional Science HS	2	5.00
Pambansang Paaralan ng Samar	20	50.00
Catbalogan National Comprehensive HS	4	10.00
Silanga National HS	5	12.50
Antonio G. Tuazon HS	2	5.00
Samar College	2	5.00
Saint Mary's College of Catbalogan	2	5.00
Kabuuhan	40	100.00

Makikita sa talahanayan na 20 o 50 bahagdan na mga gurong kalahok ay nagmula sa Pambansang Paaralan ng Samar, 5 o 12.50 bahagdan mula sa Silanga National High School, 4 o 10 bahagdan mula sa Catbalogan National Comprehensive High School, 3 o 7.50 bahagdan mula sa Guinsorongan National High School, at 2 sa

mga sumusunod na paaralan: a) Eastern Visayas Regional Science High School, b) Antonio G. Tuazon National High School, c) Samar College, at d) Saint Mary's College of Catbalogan.

Paglikom ng mga Datos

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng isang sarbey at pagsusulit sa mga gurong nagtuturo sa Filipino. Hiningi muna ng mananaliksik ang pahintulot mula sa Pansangay na Tagapamahala ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, na maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Ang pinagtibay na pahintulot ay ginawang sanggunian upang humingi ng karagdagang pahintulot mula sa mga punong guro ng bawat paaralang sekondarya sa Lungsod ng Catbalogan.

Sa karagdagan, ang pinagtibay na pahintulot mula sa mga kinauukulan ay ginamit na sanggunian upang maipamudmod nang maaga at sigurado ang mga talatanungan at maibigay ang pagsusulit sa mga gurong kalahok. Para matiyak nang sigurado ang mga datos, ang mananaliksik ay personal na pumunta sa pamumudmod ng talatanungan sa lokasyon ng pag-aaral.

Inisa-isa ang pamimigay ng mga talatanungan sa bawat napiling tagasagot. Pagkatapos masagutan ang mga talatanungan, ibinigay ang pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino. Walang ibinigay na takdang oras upang magkaroon ng sapat na panahon ang pagsagot nang buong laya. Pagkatapos ay nilikom ang mga talatanungan at pagsusulit, inayos isa-isa, sinuri at itinala.

Paglalatap Istadistika ng mga Datos

Ang mga istadistikang panukat na ginamit sa pag-aaral na ito ay frequency count, percentage, mean, weighted mean, standard deviation, Pearson Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), Fisher's t -test, t -test for independent sample means, One-Way Analysis of Variance (ANOVA), at Scheffe's test.

Frequency Count. Ang frequency count ay ang istadistikang ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga gurong kalahok kagaya ng kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medjor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at iba pa, ayon sa dalas ng bilang.

Percentage. Ang bahagdan ay ang istadistikang ginamit sa pagtalakay sa mga datos personal ng mga gurong kalahok kagaya ng kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medjor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at iba pa, ayon sa kalakhan ng bilang.

Tamtaman. Ang istadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi o pagkahilig ng mga datos tulad ng gulang, at iba pang datos.

Standard Deviation. Ginamit ang istadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, at iba pa.

Weighted Mean. Ang istadistikang ito ay ginamit sa pagkuha ng mga saloobin ng mga gurong kalahok ukol sa binagong ortograpiyang Filipino. Binigyan ito ng mga kaukulang panumbas para sa pagpapakahulugan ng mga nalikom na datos at ginamit ang mga patnubay na ito.

Iskala	Lawak	Interpretasyon
5	4.51-5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
4	3.51-4.50	Sumasang-ayon (S)
3	2.51-3.50	Hindi Tiyak (HT)
2	1.51-2.50	Di-Sumasang-ayon (DS)
1	1.00-1.50	Lubos na Di-Sumasang-ayon(LDS)

Pearson Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r). Ginamit ang Pearson r sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl varyets.

Fisher's t -test. Ginamit ang istadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang balyu ng Pearson r .

t -test for independent sample means. Ginamit ang istadistikang ito upang masubok kung may mahalagang pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang kasarian.

One-Way Analysis of Variance (ANOVA). Ginamit ang istadistikang ito upang masubok kung may mahalagang pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets, maliban sa kanilang kasarian.

Ang mga ipotesis ay susubukin sa .01 antas ng halaga.

Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN

NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga kinalabasan ng pag-aaral na ito na may pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos. Kalakip dito ay ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino, antas ng kahusayan ng mga gurong kalahok sa binagong ortograpiyang Filipino, kaugnayan at pagkakaiba ng kahusayan ng mga gurong kalahok sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl, at mahalagang implikasyon ng pag-aaral.

Profayl ng mga Gurong Kalahok

Ang bahaging ito ay naghahayag ng profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang gulang at kasarian, kursong natapos/medyor, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seminar o pagsasanay na dinaluhan at saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Gulang at Kasarian. Ang Talahanayan bilang 2 ay nagpapakita ng gulang at kasarian ng mga gurong nagtuturo ng Filipino. Makikita sa talahanayan 2 na 13 sa kabuuang bilang na 40 o 32.5 bahagdan na mga gurong nagtuturo ng Filipino ay nasa mababa sa 25 taong gulang na tinayang pinakabatang gulang ng mga gurong kalahok sa pag-aaral. Sinundan ito ng 12 o 30 bahagdan ang mga na sa 35-44 taong gulang. Samantala, 5 o 12.5 bahagdan sa mga guro ay nasa 55-64 taong gulang na tinayang pinakamatandang gulang ng mga gurong kalahok.

Talahanayan 2

Gulang at Kasarian ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino

Gulang	Kategorya ng Kasarian				Kabuuan	Bahagdan
	Babae		Lalaki			
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan		
55-64	4	10	1	2.5	5	12.5
45-54	5	12.5	1	2.5	6	15
35-44	11	27.5	1	2.5	12	30
25-34	3	7.5	1	2.5	4	10
Mababa sa 25 Taon	9	22.5	4	10	13	32.5
Kabuuan	32	80	8	20	40	100
Tamtaman	38.4	-	33.3	-	37.4	-
SD	12.5	-	14.1	-	12.8	-

Sa karagdagan, ang 11 o 27.5 bahagdan na mga babaeng guro ay nasa 35-44 taong gulang, sinundan ng 9 o 22.5 bahagdan na nasa mababa sa 25 taong gulang. Ang tamtamang gulang ng mga babaeng guro ay tinayang na sa 38.4 o humigit kumulang 38 taong gulang. Samantala, 4 o 10 bahagdan ng mga lalaking nagtuturo ng Filipino ay mababa sa 25 taong gulang. Ang tamtamang gulang ng mga lalaking guro ay tinaya sa 33.3 taong gulang o humigit kumulang na 33 taong gulang.

Sa kabuuan, ang tamtamang gulang ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ay 37.4 o humigit kumulang 37 taong gulang. Ipinapahiwatig ng mga datos sa talahanayan, na ang karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay mga nasa unang yugto ng pagtanda na sumasaklaw sa gulang na 20 taon hanggang 40 taon. Sa yugtong ito ng buhay ng tao, ang pokus ay ang pagpapamilya at pagpapaunlad sa karera at pagtatamo ng mga pagkilala at seguridad sa piniling karera o trabaho (“Development in Early and Middle Adulthood”, 2017).

Ipinapakita rin sa talahanayan na karamihan o 32 sa kabuuang bilang na 40 o 80 bahagdan ng mga gurong kalahok ay mga babae, samantalang walo o 20 bahagdan lamang ang kalalakihan. Ipinapahiwatig ng mga datos na ang pagtuturo ay dinonominahan pa rin ng mga kababaihan. Sa katunayan, ayon sa pagtatala ng National Education Association (NEA) ng Estados Unidos mayroong tinatawag na gender gap sa larangan ng pagtuturo dahil mayroon lamang 785,151 gurong lalaki kompara sa mahigit 2.4 milyong gurong babae (Mayhew, 2014).

Sa Pilipinas, ang bahagdan ng mga lisensyadong kababaihan ay mas mataas sa 63.7 bahagdan kompara sa mga kalalakihan sa 36.3 bahagdan. Sa kabuuan ng mga lisensyadong kababaihan, ang pagtuturo ang nagtala ng pinakamataas na bahagdan sa 44 (“Statistics on Filipino Women and Men’s Education”, 2014).

Kurong Natapos/Medyor. Talahanayan Bilang 3 ay nagpapakita ng mga datos hinggil sa kursong natapos/medyor ng mga gurong nagtuturo ng Filipino.

Talahanayan 3

Kursong Natapos/Medyor ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino

Kursong Natapos/Medjor	Bilang	Bahagdan
BSED-Filipino	22	55.0
Hindi BSED-Filipino	18	45.0
Kabuuan	40	100.0

Ipinapakita sa Talahanayan bilang 3 na 22 o 55 bahagdan sa kabuuang 40 na mga gurong nagtuturo ng Filipino ay nakapagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon, medyor sa Filipino. Samantala, ang 18 o 45 bahagdan ay hindi nakapagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon, medyor sa Filipino.

Ang mga datos sa talahanayan ay nagpapahiwatig na ang mga guro ng nagtuturo ng Filipino sa mga paaralang pansekondarya, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan ay nakapagtapos ng kursong ayon sa kanilang itinuturong asignatura. Ito ay alinsunod sa Department Order No. 13, Series 1994 na ipinatupad noong Marso 1994 na nagsasaad ng pag-uugnay sa akademikong preparasyon ng mga guro sa kanilang mga takdang gawain bilang mga guro sa mga pampublikong paaralan. Sa antas sekondarya, ang Filipino ay isa sa mga espesyalisasyon ng mga guro kumukuha ng lisensya. Subalit may mga pagkakataong ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay hindi nakapagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino. Ayon kay Ingersoll (2001), ito ay kritikal na isyu sa larangan ng edukasyon dahil ang isang guro may mataas na kompetensi sa pagtuturo ay maaaring hindi maging epektibong guro kung sila ay bibigyan ng asignaturang hindi nakaugnay sa kanilang akademikong preparasyon.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Ang mga datos sa Talahanayan Bilang 4 ay nagpapakita ng bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino.

Talahanayan 4

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino

Bilang ng Taon	Bilang	Bahagdan
Mababa sa Apat na Taon	14	35.0
5 - 9 Taon	13	32.5
10 - 14 Taon	5	12.5
15 - 19 Taon	6	15.0
20 Taon at Pataas	2	5.0
Kabuuan	40	100.0
Tamtaman	8.0	-
SD	7.7	-

Makikita sa talahanayan na 14 0 35 bahagdan ang mga guro mababa sa apat na taon ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino na tinayang siyang mababang bilang. Inilalahad din sa Talahanayan 4 na 13 o 32.5 bahagdan ng mga guro ay nasa 5 hanggang 9 na taon pa lamang sa pagtuturo ng Filipino; 6 o 15 bahagdan ang nasa 15 hanggang 19 taon sa pagtuturo ng Filipino; at 5 o 15 bahagdan ang nasa 10 hanggang 14 taon sa pagtuturo ng Filipino. Samantala, dalawa o limang bahagdan ng mga guro kalahok sa pag-aaral ay nakapagtala ng 20 taon at pataas na bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino.

Ang tamtaman ay tinaya sa walong taon na nangangahulugang ang mga guro nagtuturo ng Filipino ay hindi pa masyadong matagal na nagtuturo sa mga paaralang pansekundarya.

Bilang ng Seminar na Dinaluhan. Ang talahanayan 5 ay naglalahad ng datos hinggil sa bilang ng seminar na dinaluhan ng mga guro.

Talahanayan 5

Bilang ng Seminar na Dinaluhan

Bilang ng Pagsasanay na Dinaluhan	Kurso/Medyor				Total	Percent
	Filipino Medyor		Hindi-Filipino Medyor			
	f	Percent	f	Percent		
11 o mas mataas pa	6	27.3	2	11.1	8	20.0
8-10	4	18.2	1	5.6	5	12.5
5-7	8	36.4	9	50.0	17	42.5
1-4	3	13.6	6	33.3	9	22.5
Wala	1	4.5	0	0.0	1	2.5
Total	22	100.0	18	100.0	40	100.0
Mean	9 pagsasanay	-	6 pagsasanay	-	8 pagsasanay	-
SD	6 pagsasanay	-	4 pagsasanay	-	6 pagsasanay	-

Makikita sa talahanayan na 8 o 36.40 bahagdan sa mga Filipino medyor ay dumalo sa 5-7 pagsasanay, 6 o 27.30 bahagdan ay dumalo sa 11 o mas mataas pa na seminar. Ang tamtaman ay tinaya sa 9 na pagsasanay, na may standard deviation na anim na pagsasanay. Samantala, 9 o 50 bahagdan ng mga Non Filipino medyor na mga guro ay dumalo sa 5-7 na pagsasanay, at 6 o 33.30 bahagdan ay dumalo sa 1-4 na pagsasanay. Ang tamtaman ay tinaya sa 6 na pagsasanay na may standard deviation na 4 na pagsasanay.

Sa kabuuan, 17 o 42.50 bahagdan ng mga guro ay dumalo sa 5-7 na pagsasanay, na may tamtamang 8 pagsasanay at standard deviation na 6 na pagsasanay. Ang mga datos ay nangangahulugang ang mga guro ay hindi gaanong marami ang nadaluhang seminar, ngunit mas marami pa rin ang dinaluhang seminar ng mga gurong medyor sa Filipino.

Saloobin sa Binagong Ortograpiyang Filipino. Ang saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong kalahok sa pag-aaral ay ipinapakita sa Talahanayan bilang 6.

Talahanayan Bilang 6

Saloobin Ukol sa Binagong Ortograpiyang Filipino

Saloobin		Kurso/Medjor				Kabuuang	
		Filipino Medyor		Non-Filipino Medyor			
		Xw/Interpretation		Xw/Interpretation		Xw/Interpretation	
1.	Kinagigiliwan ng bawat guro ang pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino.	4.14	Mataas	4.33	Mataas	4.23	Mataas
2.	Nasisiyahan ang mga guro na masukat ang kanilang kakayahan sa pagkabisa at pagtuturo ng binagong ortograpiyang Filipino.	4.18	Mataas	4.33	Mataas	4.25	Mataas
3.	Nasisiyahan ang mga guro na malinang ang kanilang makrong kasanayan sa pagsusulat gamit ang binagong palabaybayan ng ortograpiyang Filipino.	4.23	Mataas	4.44	Mataas	4.33	Mataas
4.	Mapaunlad ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.	4.32	Mataas	4.39	Mataas	4.35	Mataas
5.	Mahirap matutunan ang pagbaybay sa binagong ortograpiyang Filipino.	3.18	Katamtaman	3.61	Mataas	3.38	Katamtaman
6.	Naipahayag ng mga guro ang kanilang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng paggamit ng binagong ortograpiyang Filipino.	4.00	Mataas	4.06	Mataas	4.03	Mataas
7.	Mahirap ang pagbaybay gamit ng binagong ortograpiyang Filipino lalo na sa mga hiram na salita.	3.09	Katamtaman	4.11	Mataas	3.55	Mataas
8.	Mahirap maipahayag ang iba't ibang pananaw sa mga aralin gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.	3.27	Katamtaman	3.61	Mataas	3.43	Katamtaman
9.	Naibabahagi ng mga guro ang kanilang kaalaman sa Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng binagong ortograpiyang Filipino.	4.14	Mataas	4.00	Mataas	4.08	Mataas
10.	Madali para sa mga guro ang magturo ng mga aralin sa Filipino dahil sa mga binagong lunsaran sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.	4.00	Mataas	3.94	Mataas	3.98	Mataas
Grand Total		38.55	-	40.82	-	39.61	
Grand Mean		3.86	Mataas	4.08	Mataas	3.96	Mataas

Legend:

- 4.51-5.00 Pinakamataas (P)
- 3.51-4.50 Mataas (M)
- 2.51-3.50 Katamtaman (K)
- 1.51-1.50 Mababa (Ma)
- 1.00-1.50 Pinakamababa (Pi)

Makikita sa talahanayan na karamihan sa mga pangungusap hinggil sa saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino ay sinang-ayunan ng mga guro ng nagtuturo ng Filipino. Ang mapaunlad ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino ang nagtala ng pinakamataas na tamtaman sa 4.35, sinundan ito ng nasisiyahan ang mga guro na malinang ang kanilang makrong kasanayan sa pagsusulat gamit ang binagong palabaybayan ng ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.33, nasisiyahan ang mga guro na masukat ang kanilang kakayahan sa pagkabisa at pagtuturo ng binagong ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.25, at kinagigiliwan ng bawat guro ang pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.23. Samantala, dalawa sa mga pangungusap ay nagtamo ng tamtaman na 3.43 para sa “Mahirap maipahayag ang iba’t ibang pananaw sa mga aralin gamit ang binagong ortograpiyang Filipino”, at 3.38 para sa “Mahirap matutunan ang pagbaybay sa binagong ortograpiyang Filipino”, na binigyang deskripsyon na hindi tiyak.

Sa kabuuan, ang mga guro ay mayroong positibong saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino batay sa naitalang tamtaman na 3.96 na may deskripsyon na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig ng mga datos na ang mga guro ng nagtuturo ng

Filipino sa mga paaralang pangsekundarya sa Sangay ng Catbalogan ay mayroong positibong pananaw ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Mapapansin sa talahanayan bilang 6 na ang saloobin ng mga guro na medyor sa Filipino ay nasa tamtamang bahagdan na 3.86 na may deskripsiyong sumasang-ayon, samantalang ang mga guro na Hindi medyor ay nasa tamtamang 4.08 na may deskripsiyong sumasang-ayon.

Sa Kabuuan ang mga guro na medyor sa Filipino at hindi medyor sa Filipino ay nangangahulugang mayroong positibong saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino batay sa naitalang tamtaman na 3.96 na may deskripsyon na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig ng mga datos na ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga paaralang pangsekundarya sa Sangay ng Catbalogan ay mayroong positibong pananaw ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Ang saloobin ng mga guro ay mayroong mahalagang kaugnayan sa kanilang kahusayan sa pagtuturo. Ang saloobin ay tumutukoy sa mga kaugnay na estado ng pag-iisip na nagdidikta sa gawi ng bawat indibidwal. Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino, lalo na ang binagong ortograpiya nito, ay nangangailangan ng ibayong dedikasyon. Ang negatibo at positibong saloobin ay nakaaapekto sa kahusayan at degri ng realisasyon ng mithiin ng mga gurong nagtuturo nito (Ball at Lampert, 1999, sinipi ni Ahmad, 2013).

**Antas ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa
Binagong Ortograpiyang Filipino**

Ang Talahanayan Bilang 7 ay nagpapakita ng antas ng kahusayan ng mga gurong kalahok ayon sa pagsusulit sa binagong ortograpiyang Filipino.

Talahanayan 7

**Antas ng Kahusayan ng mga Gurong-Kalahok sa
Binagong Ortograpiyang Filipino**

Numerical Rating	Descriptive rating	Kurso/Medyor				f	Percent
		Filipino Medyor		Non-Filipino Medyor			
		f	Percent	f	Percent		
85-89	Good	2	5.0	3	7.5	5	12.5
80-84	Fair	6	15.0	8	20.0	15	37.5
75-79	Poor	13	32.5	7	17.5	20	50.0
Total	-	21	52.5	18	45.0	40	100.0
Mean	-	79.55	-	80.67	-	80.05	-
SD	-	3.29	-	3.27	-	3.29	-

Makikita sa talahanayan na 13 o 32.5 bahagdan ng mga gurong na medyor sa Filipino ay nakakuha ng grado na 75-79 na nangangahulugang mababang antas ng kahusayan. Sinundan ito ng 6 o 15.0 bahagdan nakapagtamo ng grado na 80-84 na nangangahulugang katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino, at 2 o 5.0 bahagdan ang nakapagtamo ng grado na 85-89 na nangangahulugang mataas ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Sa kabuuan ang tamtaman natamo ng mga guro na medyor sa Filipino ay tinaya sa 79.55 na nagpapahiwatig ng katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Makikita rin sa talahanayan na ito, na ang mga guro na hindi

medyor sa Filipino ay nakakuha ng tamtamang 7 o 17.5 bahagdan ang nakapagtamo ng grado na 75-79 na nangangahulugang mababang antas ng kahusayan sa ortograpiya at 8 o 20. 0 bahagdan ang nakapagtamo ng grado na 80-84 na nagpapahiwatig ng katamtamang antas sa ortograpiyang Filipino at 3 o 7.5 bahagdan ang nakakuha ng grado na 85-89 na nangangahulugang mataas ang antas sa ortograpiyang Filipino. Sa kabuuan ang tamtamang antas ng mga guro na hindi medyor sa Filipino ay 80.67 na nangangahulugang katamtaman lamang ang antas ng sa ortograpiyang Filipino. Sa paglalahat ang natamong tamtamang antas ng mga guro na medyor sa Filipino at Hindi medyor sa Filipino ay 80.05 na nagpapahiwatig na katamtaman lamang ang antas ng kahusayan sa ortograpiyang Filipino ng mga guro. Ang guro ang susi sa lahat ng suliranin ukol sa mabisang pagtuturo. Ayon kay Papham (1980, sinipi ni Transona, 2002), malaki ang tungkuling ginagampanan ng guro sa pagpapaunlad ng mga kakayahang taglay ng mga mag-aaral. Sa napakalaking pananagutang ito, nararapat lamang na taglay ng guro ang mga katangiang tunay na papatnubay sa kanyang mga tinuturan upang magabayan ang mga ito. Kaugnay nito, si Conant (1963, sinipi ni Transona, 2002) ay nagsabing kapag ang isang guro ay hindi sapat ang kaalaman sa kanyang asignaturang itinuturo, maaari niya itong maipasa sa kanyang mga mag-aaral. Maaaring mabigo ang guro na hamunin ang kaniyang mag-aaral na mag-isip ng tama bagkus maaari silang mag-isip ng mga bagay na hindi tama.

Sa pag-aaral na ito napag-alaman na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino medyor man o Hindi ay may katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino batay sa kanilang natamong grado sa pagsusulit. Subalit

nangangailangan pa rin ang mga gurong nagtuturo ng Filipino ay bigyang pagpapahalag at sapat na oras ang pagbabasa at pag-aaral sa binagong ortograpiyang Filipino upang higit na maging epektibo sa kanyang pagtuturo ng sa ganun ay maging kasiya-siya ang talakayan sa loob ng klasrum.

**Kaugnayan ng Kahusayan sa Binagong Ortograpiyang Filipino
ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino at ang Kanilang
Profayl Varyets**

Ang Talahanayan Bilang 8 ay nagpapakita ng naging kinalabasan ng ginayang pagtataya sa kaugnayan ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at ang kanilang mga profayl varyets.

Talahanayan 8

**Kaugnayan ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong
Ortograpiyang Filipino at ang Kanilang Profayl Varyets**

		Age	Sex	Kurso	Taon	Saloobin	Oto_Score
Age	Pearson Correlation	1	-.163	.130	.796(**)	-.049	-.163
	Sig. (2-tailed)		.314	.423	.000	.764	.314
	N	40	40	40	40	40	40
Sex	Pearson Correlation	-.163	1	-.050	-.135	-.049	.262
	Sig. (2-tailed)	.314		.758	.408	.766	.103
	N	40	40	40	40	40	40
Kurso	Pearson Correlation	.130	-.050	1	.237	-.246	-.172
	Sig. (2-tailed)	.423	.758		.140	.126	.289
	N	40	40	40	40	40	40
Seminar	Pearson Correlation	.140	-.037	.354	-.165	.305	-.543
	Sig. (2-tailed)	.341	.783	.049	.175	-.075	.361
	N	40	40	40	40	40	40
Taon	Pearson Correlation	.796(**)	-.135	.237	1	-.111	-.102
	Sig. (2-tailed)	.000	.408	.140		.495	.533
	N	40	40	40	40	40	40
Saloobin	Pearson Correlation	-.049	-.049	-.246	-.111	1	-.268
	Sig. (2-tailed)	.764	.766	.126	.495		.095
	N	40	40	40	40	40	40
Oto_Score	Pearson Correlation	-.163	.262	-.172	-.102	-.268*	1
	Sig. (2-tailed)	.314	.103	.289	.533	.025	
	N	40	40	40	40	40	40

** Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).

Ipinapakita sa Talahanayan Bilang 8 na ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro ng pagtuturo sa Filipino batay sa tinayang balyu ng $r = 0.796$ na mahalaga sa 0.01 antas ng halaga sa two-tailed hypothesis testing. Ang nasabing kinalabasan ay naging dahilan upang hindi tanggapin ang ipotesis na “Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro ng pagtuturo sa Filipino at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino”. Ipinapahiwatig ng mga datos na ang tagal sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay may malaking impluwensya sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino.

Maraming mga pananaliksik ang isinagawa upang suriin ang kaugnayan sa pagitan ng bilang ng taon sa pagtuturo at ang pagiging epektibo ng mga guro sa pagtuturo. Ngunit ilan sa mga ito ay nagpapatunay na ang mga guro may iilang taon sa pagtuturo ang siyang mas epektibo (Clotfelter, Ladd at Vigor, 2007, sinipi ni Rice, 2010).

Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan ng mga Guro ng Medyor sa Filipino at Hindi Filipino Medyor sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Kanilang Profayl Varyets

Ang mga sumusunod na pagtalakay ay nagpapakita ng ginawang pagtataya sa pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga guro ng medyor sa Filipino at hindi Filipino medyor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets.

Talahanayan 9

Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino Ayon Gulang

Gulang		Dami	Tamtaman	Adjectival Rating	SD
below 25 years		13	80.31		3.17
25-34		4	79.25		3.50
35-44		12	81.08		3.50
45-54		6	79.50		3.33
55-64		5	78.20		3.11
Total		40	80.05		3.29
ANOVA					
Sources of Variation	Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.
Between Groups	35.16	4	8.79	0.796	0.536
Within Groups	386.74	35	11.05		
Total	421.90	39			

Makikita sa talahanayan na walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang gulang batay sa tinayang balyu ng F na 0.796 na mas mataas sa balyu ng p sa 0.05 antas ng halaga. Kaugnay nito, tinanggap ang ipotesis na “Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa gulang”. Dahilan nito, ang antas ng kahusayan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino mula sa iba’t ibang gulang ay may pagkakapareho sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya.

Ang Talahanayan Bilang 9 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang kasarian.

Talahanayan 10

Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino Ayon sa Kasarian

Kategorya ng Kasarian		Bilang	Tamtaman	SD	Std. Error Mean
Babae		32	79.63	3.07	0.54
Lalaki		8	81.75	3.81	1.35
t-test for Equality of Means					
	t	df	Sig. (2-tailed)	Mean Difference	Std. Error Difference
Equal variances assumed	-1.672	38	0.103	-2.13	1.27
Equal variances not assumed	-1.464	9	0.176	-2.13	1.45

Makikita sa talahanayan na walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang kasarian batay sa tinayang balyu ng t. Kaugnay nito, tinanggap ang ipotesis na “Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang kasarian”. Dahilan nito, ang mga lalaking nagtuturo ng Filipino ay may kaparehong antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino sa mga babaeng guro.

Ang Talahanayan Bilang 10 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang kursong tinapos/medjor.

Talahanayan 11

Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino Ayon sa Kursong Medjor

Descriptive					
Kurso/Medjor	Bilang	Tamtaman	SD	Std. Error Mean	
Non BSED-Filipino Medjor	18	80.67	3.27	0.77	
BSED-Filipino Medjor	22	79.55	3.29	0.70	
t-test for Equality of Means					
	t	df	Sig. (2-tailed)	Mean Difference	Std. Error Difference
Equal variances assumed	1.075	38	0.289	1.12	1.04
Equal variances not assumed	1.075	37	0.289	1.12	1.04

Makikita sa talahanayan na walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang kasarian batay sa tinayang balyu ng t. Kaugnay nito, tinanggap ang ipotesis na “Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang kusrong tinapos/medjor”. Dahilan nito, ang mga gurong nakapagtapos ng Filipino ay walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino sa mga gurong hindi nakapagtapos ng Filipino.

Ang Talahanayan Bilang 11 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino.

Table 12

**Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa
Binagong Ortograpiyang Filipino Ayon sa Bilang ng
Taon sa Pagtuturo ng Filipino**

Descriptive					
Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino		Bilang	Tamtaman	Adjectival Rating	SD
below 4 years		14	79.64		2.73
5-9		13	81.08		3.71
10-14		5	80.80		3.49
15-19		6	78.17		2.79
20 years & above		2	80.00		5.66
Total		40	80.05		3.29
ANOVA					
Sources of Variation	Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.
Between Groups	40.13	4	10.03	0.920	0.463
Within Groups	381.77	35	10.91		
Total	421.90	39			

Makikita sa talahanayan na walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino batay sa tinayang balyu ng F na 0.920 na mas mataas sa balyu ng p sa 0.05 antas ng halaga. Kaugnay nito, tinanggap ang ipotesis na “Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino”. Dahilan nito, ang mga gurong may matagal nang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ay may pagkakapareho sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya sa mga gurong hindi pa gaanong matagal na nagtuturo ng Filipino.

Ang Talahanayan Bilang 12 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino.

Makikita sa talahanayan na walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang saloobin sa binagong ortograpiya sa Filipino batay sa tinayang balyu ng F na 1.474 na mas mataas sa balyu ng p sa 0.05 antas ng halaga. Kaugnay nito, tinanggap ang ipotesis na “Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa saloobin sa binagong ortograpiyang Filipino”.

Table 13

**Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa
Binagong Ortograpiyang Filipino Ayon sa Saloobin
Ukol sa Binagong Ortograpiyang Filipino**

Kategorya ng Iskor sa Saloobin		Bilang	Tamtaman	Adjectival Rating	SD
4.51-5.00 (PM)		7	78.57		1.27
3.51-4.50 (M)		23	79.96		3.59
2.51-3.50 (K)		10	81.30		3.30
Total		40	80.05		3.29
ANOVA					
Sources of Variation	Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.
Between Groups	31.13	2	15.57	1.474	0.242
Within Groups	390.77	37	10.56		
Total	421.90	39			

Ipinapahiwatig nito na ang mga gurong may positibo at negatibong saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino ay walang pagkakaiba sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino.

Implikasyon ng Pag-aaral

Ang mga sumusunod ay ang mahalagang implikasyon ukol sa pagpapaunlad ng binagong ortograpiyang Filipino sa palabaybayan na nakuha sa kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral:

1. Ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino na nagpapahiwatig hindi ganun kalawak ang kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Nangangailangan pang paigtingin, pahalagahan, isaalang-alang at paunlarin ang pag-aaral at pagpapatupad sa binagong ortograpiyang Filipino mula sa mga kinauukulan lalo na sa mga namumuno ng Kagawaran ng Edukasyon at sa Komisyon ng Wikang Filipino na magkaroon ng mga salingkurang pagsasanay na maglalayong paunlarin ang kanilang antas ng kahusayan.

2. Ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong kalahok ay may kaugnayan sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Ang implikasyon nito na ang mga gurong mas matagal nang nagtuturo ng Filipino ay maaring mas mahusay sa binagong ortograpiyang Filipino o maaaring ang kabaliktaran na ang mga gurong hindi pa gaanong matagal na nagtuturo ng Filipino ay mas mahusay sa binagong ortograpiyang Filipino. Dahil dito, kailangang bigyan ng

supplemental na gawain ang mga guro ng may maikling panahon pa lamang na ginugol sa pagtuturo kagaya ng mga short-term na kurso sa wikang Filipino sa mga gradwadong pag-aaral at iba pang mga kahalintulad na gawain. Maaari ring bigyan ng mga salingkurang pagsasanay sa lebel ng skol bilang mga Learning Action Cell (LAC) sessions upang mas lalong paigtingin ang kahusayan ng mga guro sa binagong ortograpiyang Filipino.

Ang mga guro ay nararapat lamang bigyan ng pagkakataon na makadalo ng mga seminar o pagsasanay upang masolusyunan ang problemang kinakaharap sa ortograpiyang Filipino.

Kabanata 5

LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng kinalabasan, mga konklusyon na hinango, at mga rekomendasyon na batay sa mga konklusyon na hinango mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Lagom ng Kinalabasan

Ang mga sumusunod ay ang lagom ng kinalabasan sa pag-aaral na ito:

1. Labintatlo sa kabuuang bilang na 40 o 32.5 bahagdan na mga gurong nagtuturo ng Filipino ay nasa mababa sa 25 taong gulang na tinayang pinakabatang gulang ng mga gurong kalahok sa pag-aaral, ang tamtamang gulang ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ay 37.4 o humigit kumulang 37 taong gulang. Karamihan o 32 sa kabuuang bilang na 40 o 80 bahagdan ng mga gurong kalahok ay mga babae, samantalang walo o 20 bahagdan lamang ang kalalakihan. Ang 22 o 55 bahagdan sa kabuuang 40 na mga gurong nagtuturo ng Filipino ay nakapagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon, medyor sa Filipino. Samantala, ang 18 o 45 bahagdan ay hindi nakapagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon, medyor sa Filipino. Ang 14 o 35 bahagdan ang mga gurong mababa sa apat na taon ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino na tinayang siyang mababang bilang na may tamtaman na walong taon. Makikita sa talahanayan na 8 o 36.40 bahagdan sa mga Filipino medyor ay dumalo sa 5-7 pagsasanay, 6 o 27.30 bahagdan ay dumalo sa 11 o mas mataas pa na seminar. Ang tamtaman ay tinaya sa 9 na pagsasanay, na may

standard deviation na anim na pagsasanay. Samantala, 9 o 50 bahagdan ng mga Non Filipino medyor na mga guro ay dumalo sa 5-7 na pagsasanay, at 6 o 33.30 bahagdan ay dumalo sa 1-4 na pagsasanay. Ang tamtaman ay tinaya sa 6 na pagsasanay na may standard deviation na 4 na pagsasanay.

Sa kabuuan, 17 o 42.50 bahagdan ng mga guro ay dumalo sa 5-7 na pagsasanay, na may tamtamang 8 pagsasanay at standard deviation na 6 na pagsasanay. Ang mga datos ay nangangahulugang ang mga guro ay hindi gaanong marami ang nadaluhang seminar, ngunit mas marami pa rin ang dinaluhang seminar ng mga gurong medyor sa Filipino.

2. Karamihan sa mga pangungusap hinggil sa saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino ay sinang-ayunan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino. Ang mapaunlad ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino ang nagtala ng pinakamataas na tamtaman sa 4.35, sinundan ito ng nasisiyahan ang mga guro na malinang ang kanilang makrong kasanayan sa pagsusulat gamit ang binagong palabaybayan ng ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.33, nasisiyahan ang mga guro na masukat ang kanilang kakayahan sa pagkabisa at pagtuturo ng binagong ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.25, at kinagigiliwan ng bawat guro ang pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino na may tamtaman na 4.23. Samantala, dalawa sa mga pangungusap ay nagtamo ng tamtaman na 3.43 para sa “Mahirap maipahayag ang iba’t ibang pananaw sa mga aralin gamit ang binagong ortograpiyang Filipino”, at 3.38 para sa “Mahirap matutunan ang pagbaybay sa binagong ortograpiyang Filipino”, na binigyang deskripsyon na hindi

tiyak. Sa kabuuan, ang mga guro ay mayroong positibong saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino batay sa naitalang tamtaman na 3.96 na may deskripsyon na sumasang-ayon.

3. Ang 20 o 50 bahagdan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ay nakakuha ng grado na 75-79 na nangangahulugang mababang antas ng kahusayan. Sinundan ito ng 15 o 37.5 bahagdan nakapagtamo ng grado na 80-84 na nangangahulugang katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino. Ang tamtaman ay tinaya sa 80.05 na nagpapahiwatig ng katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino.

4. Ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino batay sa tinayang balyu ng r na 0.796 na mahalaga sa 0.01 antas ng halaga sa two-tailed hypothesis testing. Ang nasabing kinalabasan ay naging dahilan upang hindi tanggapin ang ipotesis na “Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino”.

5. Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga gurong medjor sa Filipino at hindi Filipino medjor sa binagong ortograpiyang Filipino ayon sa kanilang profayl varyets.

Mga Konklusyon

Ang mga sumusunod ay ang mga konklusyon na hinango mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito:

1. Ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay mga bata pa at unang yugto ng pagtanda, karamihan ay mga babae, kumuha ng kursong BSED Filipino, at hindi pa gaanong matagal na nagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya.
2. Ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay may kawilihan sa binagong ortograpiyang Filipino dahil sa kanilang positibong saloobin ukol dito.
3. Ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay may katamtamang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino na nagpapahiwatig kinakailangang bigyang pagpapahalaga ang binagong ortograpiyang Filipino upang mas lalong pagibayuhin ang kanilang kahusayan sa ortograpiya maging sa kanilang pagtuturo sa klase.
4. Ang antas ng kahusayan ng mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay naiimpluwensiyahan ng kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan ng mga supplemental na gawain para sa mga guro upang punan ang kakulangan sa bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino.
5. Ang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya sa Filipino ng mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay hindi nagkakaiba-iba ayon sa kanilang profayl varyets. Ang mga guro ng nagtuturo sa Filipino ay may pagkakapareho sa kanilang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino.

Mga Rekomendasyon

Mula sa mga konklusyon na hinango mula sa mga kinalabasan sa pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon:

1. Maaaring ang lahat ng guro na nagtuturo ng Filipino ay bigyan ng pagkakataong makadalo sa mga seminar na may kaugnayan sa ortograpiyang Filipino upang mas higit lalong maging ganap ang kanilang kahusayan sa ortograpiyang Filipino.

2. Hikayatin ang mga guro lalong-lalo ang mga gurong nagtuturo ng Filipino na bigyang pagpapahalaga ang ganap na pagkakatatuto tungkol sa ortograpiyang Filipino upang lalong maging kongkreto, tunay, daynamik at ganap na modelo sa kanilang mag-aaral.

2. Ang mga tagapamahala ng Kagawaran ng Edukasyon at ang Komisyon sa Wikang Filipino ay dapat na magpamudmod ng mga alintunin sa binagong ortograpiyang Filipino upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman ang mga guro sa binagong ortograpiyang Filipino.

3. Ang Kagawaran ng Edukasyon at ang Komisyon sa Wikang Filipino ay dapat na magsagawa ng mga salingkurang pagsasanay para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino na nakapokus sa binagong ortograpiyang Filipino.

4. Ang mga LAC sessions ng mga paaralang pangsekondarya, pampubliko o pribado, ay nararapat na gamitin upang mas lalong paunlarin ang kasalukuyang antas ng kahusayan sa binagong ortograpiyang Filipino ng mga guro.

5. Isang panubaybay na pag-aaral ang maaaring isagawa na pinalawak ang saklaw at ang mga sangkot na varyabol hinggil sa antas ng kahusayan sa binagong ortograpiya sa Filipino.

6. Para sa susunod pang mga mananaliksik, ay hinihimok na magsagawa pa ng pag-aaral hinggil sa ortograpiya upang lalong linangin ang kahusayan sa ortograpiyang Filipino, maaaring gamiting batayan ang pag-aaral na ito bilang pangunahing referens sa isasagawang pag-aaral.

TALASANGGUNIAN

A. MGA AKLAT

Cena, Resty. Magbaybay ay Di-Biro. Manila, Philippines: Anvil Publishing, 2010. Gabay sa Ortograpiyang Filipino, Komisyon sa Wikang Filipino 2009

Zafra, Galileo S., et al. Gabay sa Ispeling. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman, 2008. Greene, Edward J. The Learning Process and Programmed Introduction. New York:

Holt Reinhart and Winston, Inc., 1985. Walpole, Ronald E. Introduction to Statistics. New York: Mcmillan Publishing, Inc., 1982.

B. PERYODIKA/DYORNAL/MAGAZINES

Ahmad, Igbal. “Effects of Professional Attitude of Teachers on their Teaching Performance: Case of Government Secondary School Teachers in Malakand Region, Khyber Pakkhtunkhwa, Pakistan”. Journal of Educational and Social Science Research, Vol 3 (1), January 2013.

C. MGA DI-NALATHALANG MATERYAL

Little, A. (2004). Multigrade teaching - A review of research and practice - Education Research Paper No. 12. Occasional papers on education.

Homo, Chelo M. “Lawak ng Kaalaman sa Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Mataas na Paaralan ng Gubat, Distrito ng Sorsogon” (2014)

- Mustacisa, "Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo". (2014)
- Caceres, "Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Pagbabaybay sa Wikang Filipino sa Sekondaryang Paaralan". (2013)
- Chao, "The Visual Word Recognition and Orthography Depth in Second Language Acquisition". (2012)
- Epistola, "Pambalarilang Kamalian sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kursong Edukasyon ng Baguio Colleges Foundation" (2010)
- Coronel, Levi M. "Antas sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Filipino 1 sa Tersyarya ng St. Michael's College: Batayan sa Programang Pang-Interbensyon". Di-Nalathalang Tesis, Philippine Normal University, Manila, 2009.
- Ichiano, Edwin R. "Mga Kamalian sa mga Sulating Pormal sa Ikalawang Taon Pansekundarya Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat at Pakikipagtalastasan". Di-Nalathalang Tesis, Philippine Normal University, Manila, 2009.
- Sun-Alperin ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang "Cross-Language Transfer of Phonological and Orthographic Processing Skills in Spanish-Speaking Children Learning to Read and Spell in English". (2007)
- Castro, "Lawak ng kaalaman ng mga guro hinggil sa Makabagong Kalakarang Pangwika sa Hilagang Distrito ng Gubat, Sorsogon". (2001)

D. MGA ELEKTRONIKONG MATERYAL AT IBA PA

Alcantara, Teresita. "Hispanismo sa Filipino at ang Makabagong Filipino". Papel na Binasa sa 9th Philippine Linguistics Congress, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon, Enero 25-27, 2006.

Almario, Virgilio S. "Pagsulyap sa Kasaysayan bilang Panimula". Unang Borador ng Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino, Komisyon sa Wikang Filipino, Abril 26, 2013.

Añonuevo, Roberto T. "Mga Bagong Panukala sa Ortograpiyang Filipino". Komisyon sa Wikang Filipino, 2012. "Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino". Ikalimang Borador, Komisyon sa Wikang Filipino, Mayo 17, 2013. Department of Education, National Education Testing and Research Center, 2012.

Encabo-Alvarez, Evangeline. "Ang Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika". Presentasyon sa Pagpapalakas Pangguro, Unibersidad ng Santo Tomas, Maynila, Mayo 18, 2009.

Fajilan, Wennielyn F. "Mula sa Hispanismo tungo sa Filipinismo: Ang Interkultural na Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral na Hispaniko bilang Lunsaran ng Pagpapalaganap ng Kulturang Filipino". Unibersidad ng Santo Tomas, Manila, n.d.

Gonzalvo, Romeo P. Jr. "Ang Ortograpiyang Filipino". Papel na Binasa sa The First Philippine Latin American Studies Conference, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon at Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Disyembre 15-17, 2012.

Ingersoll, R. "Teacher Quality and Educational Inequality". Center for Study of Teaching and Policy, University of Washington, 2001.

Mayhew, Amy. "Gender Gap Growing in Teaching Profession". News Center, Stanford Graduate School of Education, <https://ed.stanford.edu>, Enero 17, 2014.

Rice, Jennifer King. "The Impact of Teacher Experience: Examining the Evidence and Policy Implications". National Center for Analysis of Longitudinal Data in Education Research, August 2010.

"Statistics on Filipino Women and Men's Education". National Machinery for Gender Equality and Women's Empowerment, Philippine Commission on Women, May 13, 2014. Retrieved www.pcw.gov.ph, March 01, 2018.

MGA APENDIKS

APENDIKS A

Letter Requesting Approval of Research Problem

Samar State University
Catbalogan City

January 08, 2015

MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.

Dean, Graduate Studies
This University

Madam:

In my desire to start writing my thesis as a requirement for the degree of Master of Arts in Education, major in Filipino, I have the honor to request the approval of my research title:

1. Ang Bisa ng Binagong Ortograpiyang Filipino sa Palabaybayan ng Unang Antas sa Kolehiyo ng Samar State University
2. Ang Dimensyon ng Pang-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Unang Antas Tersyarya ng Samar State University
3. Kahusayan sa Pagbigkas ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Tersyarya ng College of Industrial Technology (CIT)

Thank you for your prompt action on this regard.

Very truly yours,

(Sgd.) **DANETTE MAY L. CASUCO**
Researcher

Approved:

(Sgd.) **MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**
Dean, Graduate Studies

APENDIKS B

Liham ng Paghingi ng Pahintulot na Maisagawa ang Pag-aaral

Samar State University
Catbalogan City

Pebrero 2, 2017

MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.

Pangulo ng Unibersidad
Samar State University

Madam:

Isang mapagpalang araw sa inyo!

Ako po ay estudyante ng Master of Arts in Education, medyor sa Filipino, ng Unibersidad na ito. Ako po ay kasalukuyang nagsasagawa ng pag-aaral tungkol sa *“Ang Kahusayan sa Pagtuturo sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Sekondarya, Lungsod ng Catbalogan”*, bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa aking napiling kurso sa Gradwadong Paaralan.

Bilang bahagi ng gawaing ito, ako po ay taos pusong humihingi ng permiso na payagang magsagawa ng nasabing pananaliksik kabilang ang mga estudyante sa unang antas tersyarya ng Unibersidad na ito. Makakaasa po kayong ang mga datos na malilikom ay gagamitin para sa pananaliksik na ito lamang.

Umaasa po ako sa inyong taos pusong pagpayag sa hiling na ito. Maraming salamat po!

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.) **DANETTE MAY L. CASUCO**
Mananaliksik

Pinagtibay ni:

(Lgd.) **MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**

Pangulo ng Unibersidad
SSU, Lungsod ng Catbalogan

APENDIKS C

Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagapamahala

Republic of the Philippines
SAMAR STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF GRADUATE STUDIES
 Catbalogan City

Pebrero 02, 2017

CRISTITO A. ECO, CESO VI
 Schools Division Superintendent
 DepEd, Catbalogan City Division

Mahal na G. Eco:

Isang maligayang araw po!

Ako po si **Gng. DANETTE MAY C. ABALOS**, isang guro at mananaliksik mula sa Samar State University, Lungsod ng Catbalogan. Kasalukuyan po akong nagsasagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang *“Ang Kahusayan sa Pagtuturo sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Sekondarya, Lungsod ng Catbalogan”*. Isa sa mga gawaing itinakda sa Gradwadong Degri na Master of Arts in Education, medjor sa Filipino, ay ang humihingi ng pahintulot na *maisagawa ang isang sarbey at pagsusulit sa mga nagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya sa Lungsod ng Catbalogan*. Kung inyong mamarapatin, hihingin ko ang mga *pangalan at paaralang pinagtuturuan ng mga guro sa Filipino sa mga paaralang pansekondarya sa Catbalogan City Schools Division* dahil ito ang magsisilbing batayan sa pagpili ng aking mga tagasagot.

Makakaasa po kayong ang aking mga hinihiling na impormasyon at pahintulot sa inyong tanggapan ay para lamang sa aking ginagawang pananaliksik at hindi para sa pang-personal na paggamit. Ang inyong tanggapan ay bibigyan ng kopya ng aking pag-aaral bilang feedback sa magiging resulta nito.

Maraming salamat po sa inyong pag-unawa at kooperasyon!

Lubos na Sumasainyo,

(Lgd.) **DANETTE MAY C. ABALOS**
 Mananaliksik

Binigyang Puna:

(Lgd.) **FELICITAS R. LABENDIA**
 Tagapayo

(Lgd.) **VICTORIA M. TAFALLA**
 Tagapamahala, Kaguruan ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(Lgd.) **CRISTITO A. ECO, CESO VI**
 Schools Division Superintendent
 DepEd, Catbalogan City Schools Division

APENDIKS C

Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagapamahala

Republic of the Philippines
SAMAR STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF GRADUATE STUDIES
 Catbalogan City

Oktubre 19, 2017

CRISTITO A. ECO, CESO VI
 Schools Division Superintendent
 DepEd, Schools Division of Catbalogan City

Mahal na G. Eco:

Isang maligayang araw po!

Ako po si **Gng. DANETTE MAY C. ABALOS**, isang guro at mananaliksik mula sa Samar State University, Lungsod ng Catbalogan. Kasalukuyan po akong nagsasagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang *“Ang Kahusayan sa Pagtuturo sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Sekondarya, Lungsod ng Catbalogan”*. Isa sa mga gawaing itinakda sa Gradwadong Degri na Master of Arts in Education, medjor sa Filipino, ay ang humihingi ng pahintulot na *maisagawa ang isang sarbey at pagsusulit sa mga nagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya sa Lungsod ng Catbalogan*.

Makakaasa po kayong ang aking mga hinihiling na impormasyon at pahintulot sa inyong tanggapan ay para lamang sa aking ginagawang pananaliksik at hindi para sa pang-personal na paggamit. Ang inyong tanggapan ay bibigyan ng kopya ng aking pag-aaral bilang feedback sa magiging resulta nito.

Maraming salamat po sa inyong pag-unawa at kooperasyon!

Lubos na Sumasainyo,

(Lgd.) **DANETTE MAY C. ABALOS**
 Mananaliksik

Binigyang Puna:

(Lgd.) **FELICITAS R. LABENDIA**
 Tagapayo

(Lgd.) **VICTORIA M. TAFALLA**
 Tagapamahala, Kaguruan ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(Lgd.) **CRISTITO A. ECO, CESO VI**
 Schools Division Superintendent
 DepEd, Catbalogan City Schools Division

APENDIKS D

Liham para sa mga Tagasagot ng Talatanungan

November 29, 2017

Sa mga Gurong Tagasagot:

Isang mapagpalang araw sa inyo!

Ako po ay estudyante ng Master of Arts in Education, medyor sa Filipino, ng Unibersidad na ito. Ako po ay kasalukuyang nagsasagawa ng pag-aaral tungkol sa *“Ang Kahusayan sa Pagtuturo sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Sekondarya, Lungsod ng Catbalogan”*, bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa aking napiling kurso sa Gradwadong Paaralan.

Bilang bahagi ng gawaing ito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong kooperasyon at pang-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa talatanungan ng pananaliksik na ito at pagsagot sa pagsusulit na layong sukatin ang inyong kahusayan sa pagtuturo ng binagong ortograpiyang Filipino. Makakaasa po kayong ang mga datos na malilikom ay gagamitin para sa pananaliksik na ito lamang.

Umaasa po ako sa inyong taos pusong pagpayag sa hiling na ito. Maraming salamat po!

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.) **DANETTE MAY C. ABALOS**
Mananaliksik

APENDIKS D

Talatanungan para sa mga Gurong Tagasagot

Direksyon: Ang talatanungang ito ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay tungkol sa inyong personal na impormasyon, ang ikalawa ay tungkol sa inyong saloobin ukol sa binagong ortograpiyang Filipino. Mangyari lamang na sagutin ang hinihinging impormasyon sa pamamagitan ng pagpuno sa patlang at pagtsek sa kolum ng inyong sagot sa talahanayan.

I. Datos Personal

Direksyon: Sa bahaging ito, punan ang mga puwang ng tamang impormasyon tungkol sa inyong sarili o di kaya ay lagyan ng tsek ang bawat kahon ng tamang sagot.

Pangalan _____
(Opsyonal/Pwedeng Hindi Ilagay)

Gulang _____ Kasarian () Lalaki () Babae

Kursong Natapos/Medjor _____

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino

- () isang taon at pababa
- () isang taon at isang araw - anim na taon
- () anim na taon at isang araw - 11 taon
- () 11 taon at isang araw - 16 taon
- () 16 taon at pataas

II. Saloobin ng mga Guro Hinggil sa Binagong Ortograpiyang Filipino

Direksyon: Gamitin ang iskalang limang puntong panukat sa pagsagot sa iyong pananaw ukol sa iyong saloobin sa binagong ortograpiyang Filipino. Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum katapat ng aytem sa napiling sagot.

Puntos

Interpretasyon

5	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
4	Sumasang-ayon (S)
3	Hindi Tiyak (HT)
2	Di-Sumasang-ayon (DS)
1	Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

Saloobin	Mga Sagot				
	LS (5)	S (4)	HT (3)	DS (2)	LDS (1)
1. Kinagigiliwan ng bawat guro ang pagtuturo sa binagong ortograpiyang Filipino.					
2. Nasisiyahan ang mga guro na masukat ang kanilang kakayahan sa pagkabisa at pagtuturo ng binagong ortograpiyang Filipino.					
3. Nasisiyahan ang mga guro na malinang ang kanilang makrong kasanayan sa pagsulat gamit ang binagong palabaybayan ng ortograpiyang Filipino.					
4. Mapauunlad ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.					
5. Mahirap matutunan ang pagbaybay sa binagong ortograpiyang Filipino.					
6. Naipapahayag ng mga guro ang kanilang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng paggamit ng binagong ortograpiyang Filipino.					
7. Mahirap ang pagbaybay gamit ng binagong ortograpiyang Filipino lalo na sa mga hiram na salita.					
8. Mahirap maipahayag ang iba't ibang pananaw sa mga aralin gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.					
9. Naibabahagi ng mga guro ang kanilang kaalaman sa Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng binagong ortograpiyang Filipino.					
10. Madali para sa mga guro ang magturo ng mga aralin sa Filipino dahil sa mga binagong lunsaran sa pagbaybay gamit ang binagong ortograpiyang Filipino.					

Maraming Salamat!

APENDIKS E

Pagsusulit sa Binagong Ortograpiyang Filipino

Samar State University
Catbalogan City

Pangalan _____

Iskor _____

I – Panuto: Salungguhitan ang tamang baybay ng nakasaad na hiram na salita sa ibaba ayon sa tuntunin ng Ortograpiyang Filipino.

1. Carbohydrates	:	carbohydreyts carbohydrates	carbuhydrates karbohydreytes
2. Doctor	:	doctor doktur	duktor doktor
3. Image	:	imeyds imahe	imahen imeds
4. College	:	koliheyo koleheyo	kolehiyo kuliheyo
5. Cinematography	:	sinematograpi cinematograpy	cinematography sinematograpy
6. Barricade	:	barricade barikid	barikeyd barrikeyd
7. Archipelago	:	archipelago arkpilago	arkipilago arkypelago
8. Magic	:	mahika madyik	magiyk madjik
9. Priority	:	prioridad prayoriti	prayoridad prijoriti
10. Schedule	:	skedyul eskedyul	iskedyul iskedyol

11. Shooting	:	shuting syuting	syoting shoting
12. Society	:	sosayti sosyedad	lipunan society
13. Zinc	:	sink sinc	zeynk zinc
14. Chlorophyll	:	kloropyll khlorophyl	chlorophyll cloropyll
15. Airport	:	paliparan airport	erport airport
16. Vocabulario	:	bukabularyo bokabularyo	bukabolaryo bokabolaryo
17. Calcium	:	calcium calsiyum	kalsyum kalsiyum
18. Obstetrician	:	obstetrisyan obstetrician	obstetrishan ubstetrician
19. Conference	:	komperensiya kumperensiya	konferense kunperensiya
20. Teacher	:	titser Titcher	teytser tetser

II- Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung tinatanggap na ang baybay o ispelang ng sumusunod na salita ayon sa alituntunin ng Ortograpiyang Filipino at eks (x) kung hindi pa tinatanggap ang pagbaybay.

- | | |
|--------------------|---------------------------|
| _____1. Calcium | _____11. Disket |
| _____2. Kalendaryo | _____12. Syesor (gunting) |
| _____3. Sofa | _____13. Tsinelas |
| _____4. Fax | _____14. Trapik layt |
| _____5. Imeyds | _____15. Elektrik fan |

- | | |
|---------------------|------------------------|
| _____6. Prayoriti | _____16. Piktyur preym |
| _____7. Selebrasyon | _____17. Kurso |
| _____8. Kudeta | _____18. Kilo |
| _____9. Istar | _____19. Letse plan |
| _____10. Celfon | _____20. Bus |

III- Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang T kung wasto ang pahayag at M kung hindi wasto ang pahayag.

- _____1. Ang tawag sa makalumang alpabeto ng mga katutubong Filipino ay “Baybayin”.
- _____2. Si Manuel L. Quezon ang bumuo ng Balarila ng wikang pambansa at isinagawa ito sa taong 1940.
- _____3. Ang Ortograpiya ay representasyon ng mga tunog ng wika na nakalimbag na mga simbolo tulad ng alpabeto.
- _____4. Ang tuntunin ng pagbabaybay ng salita ay kung ano ang sulat siya ang bigkas at kung ano ang bigkas siya ang sulat.
- _____5. Ang mga salitang hiram na may magkasunod na parehong katinig, kinakaltas ang isa sa dalawang magkasunod na parehong katinig kapag binaybay ito sa Filipino.
- _____6. Ang panghalili sa titik /J/ ay /H/ kung ang bigkas sa Espanyol ay katumbas na /H/ sa Filipino at lalawiganing wika.
- _____7. Ang panghalili ng /Ñ/ sa salitang Espanyol ay /NY/ para sa katumbas na tunog nito sa Filipino.
- _____8. Ang titik at tunog /V/ ay mananatili kung ang pagpapalit nito sa /B/ ay magkakaroon ng kalituhan pagsapit sa Filipino.
- _____9. Ang mga salitang hiram mula sa ibang katutubong wika sa Pilipinas ay mapapanatili ang orihinal na anyo nito.
- _____10. Ang letrang C, Ñ, Q, X, F, J, V, Z ay maaaring gamitin kapag ang salita ay hiniram ng buo.

- _____11. Ang letrang /X/ ay papalitan ng /KS/ kung ang tunog ay /ks/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang /X/.
- _____12. Ang pagbabaybay ng mga hiram na salita mula sa mga banyagang wika ay mananatili ang orihinal na anyo nito.
- _____13. Ang /NG/ para sa tunog /NG/ ay mananatili sa dahilang mahalagang ambag ito ng palatunugang Filipino.
- _____14. Ang letrang /f/ sa hiram na salitang Espanyol ay mapananatili kung magbubunga ng kalituhan sa pagbabaybay ng salita sa Filipino.
- _____15. Ang digrapong /SH/ ay papalitan ng /SY/ kapag ang tunog ay /sy/ sa hiniram na salita.
- _____16. Ang letrang /Q/ ay papalitan ng /KW/ kung ang tunog ay /KW/ at letrang /K/ kung ang tunog ay /K/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang /Q/.
- _____17. Ang mga pangalang pantangi at salitang hiram ay ginigitlingan kapag inuunlapan.
- _____18. Kung hindi tiyak ang pagtutumbas ng mga salitang Español at Ingles hihiramin ang orihinal na salita nito.
- _____19. Ang “pamilang” at “mga” ay maaaring gamitin sa mga salitang nasa anyong maramihan.
- _____20. Ang mga salitang may irregular na ispeling o gumamit ng dalawang letra na hindi pa binibigkas ay maaaring baybayin sa Filipino.

KURIKULUM VITA

KURIKULUM VITA

MGA PERSONAL NA IMPORMASYON

Pangalan : **DANETTE MAY C. ABALOS**

Lugar ng Kapanganakan : Gamay Northern Samar

Petsa ng Kapanganakan : Mayo 03, 1989

Edad : 28

Katayuang Sibil : May Asawa

Asawa : Engr. Oliver G. Abalos

Anak : Achilles Olivier G. Abalos

Tirahan : Lungsod ng Catbalogan

Mga Magulang :

Nanay : Ditas L. Longcop

Tatay : Danilo C. Casuco

MGA EDUKASYONG NATAMO

Elementarya : Cade-an, Elementary School
Brgy. Cade-an, Gamay Northern Samar
Taung Panuruan 1995-2001

Sekundarya	:	Bangon National High School Brgy. Bangon, Gamay Northern Samar Taung Panuruan 2001-2005
Kolehiyo	:	University of Eastern Philippines Catarman Northern Samar Taung Panuruan 2005-2010
Kurso	:	BATSILYER SA SEKUNDARYANG EDUKASYON (Filipino)
Gradwadong Pag-aaral	:	Samar State University Catbaloga City Taung Panuruan 2012-2017
Kurso	:	MASTER OF ARTS IN EDUCATION (Filipino)

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Mga Talahayanan**Pahina**

1	Mga Tagasagot	54
2	Gulang at Kasarian ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	54
3	Kursong Natapos/Medjor ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino	54
4	Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino	54
5	Bilang ng Seminar na Dinaluhan	54
6	Saloobin Ukol sa Binagong Ortograpiyang Filipino ..	54
7	Antas ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino	54
8	Kaugnayan ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino	54
9	Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Gulang	54
10	Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Kasarian	54
11	Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Kursong Tinapos/Medjor	54
12	Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Bilang bg Taon sa Pagtuturo ng Filipino	54
13	Pagkakaiba ng Kahusayan ng mga Gurong Kalahok sa Binagong Ortograpiyang Filipino ayon sa Saloobin ukol sa Binagong Ortograpiyang Filipino	54

TALAAN NG MGA FIGURA

<u>Mga Figura</u>	<u>Pahina</u>
1 Batayang Konseptwal ng Pag-aaral	20
2 Mapa ng Lokal ng Pag-aaral	26